



Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
PROVINCIAL ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE

DENR MIMAROPA	
RECORDS SECTION	
RECEIVED	
BY:	
DATE:	JUL 06 2023
TIME:	

JUN 05 2023

MEMORANDUM

FOR : The Regional Executive Director
DENR MIMAROPA Region
1515 DENR By the Bay Building, Roxas Boulevard,
Barangay 668, Ermita, Manila

THRU : The ARD for Technical Services

FROM : The OIC, PENR Officer

SUBJECT : SUBMISSION OF APPROVED MINUTES AND ONE (1)
RESOLUTION OF THE 2ND QUARTER PROTECTED AREA
MANAGEMENT BOARD MEETING HELD ON 10 MAY
2023 OF MT. CALAVITE WILDLIFE SANCTUARY IN
PALUAN, OCCIDENTAL MINDORO

Forwarded is the memorandum dated May 29, 2023 of CENRO Sablayan regarding submission of Approved Minutes and one (1) Resolution of the 2nd Quarter Protected Area Management Board Meeting held on 10 May 2023 of Mt. Calavite Wildlife Sanctuary (MCWS). One (1) PAMB Resolution No. 2023-002, Series of 2023 was passed by PAMB members entitled Kapasiyahan Blng. 2023-002, Serye ng 2023 "Kapasiyahang nagpapahayag na maipa-kansela ang Environmental Compliance Certificate No. (ECC-OL-R4B-2018-0125) para sa Commercial Sand and Gravel na iginawad kay G. Edwin Raci at maipa-tigil and operasyon nito as loob ng Mt. Calavite Wildlife Sanctuary (MCWS).

Attached herewith are other pertinent documents relative to the above-mentioned subject.

For information, evaluation and approval.


ERNESTO E. TAÑADA

TSD-CDS6/5/2023

Copy furnished:

1. Planning Section
2. File

So. Pag-asa, Brgy. Payompon, Mamburao, Occidental Mindoro
Email: penroccemin@denr.gov.ph



Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE

May 29, 2023

MEMORANDUM

FOR : The Regional Executive Director
DENR MIMAROPA Region
1515 DENR By the Bay Building, Roxas Boulevard,
Barangay 668, Ermita, Manila

THRU : The PENR Officer
Mamburao, Occidental Mindoro

FROM : The CENR Officer

SUBJECT : SUBMISSION OF APPROVED MINUTES AND ONE (1)
RESOLUTION OF THE 2ND QUARTER PROTECTED AREA
MANAGEMENT BOARD MEETING HELD ON 10 MAY 2023 OF
MT. CALAVITE WILDLIFE SANCTUARY IN PALUAN,
OCCIDENTAL MINDORO

RECORDED

Date: 5-29-23
By: gn


Respectfully submitted is the minutes of the Protected Area Management Board (PAMB) regular meeting for the second quarter CY 2023 of Mt. Calavite Wildlife Sanctuary (MCWS) held on May 10, 2023 at MCWS Ranger Station, Sitio Ulasan, Brgy. Harrison, Paluan, Occidental Mindoro.

One (1) resolution was passed by the PAMB members during the said meeting.


Attached with the minutes of meeting are photos and other pertinent documents which are itemized in the List of Attachments.

For your information and record.

FOR. ANASTACIO A. SANTOS, MPA



National Road, Brgy. Sto. Niño, Sablayan, Occidental Mindoro
E-mail: cenrosablayan@denr.gov.ph





Republic of the Philippines

Department of Environment and Natural Resources

MIMAROPA Region

COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE

MT. CALAVITE WILDLIFE SANCTUARY

PROTECTED AREA MANAGEMENT OFFICE

May 26, 2023

MEMORANDUM

FOR : The Regional Executive Director
DENR MIMAROPA Region
1515 DENR By the Bay Building, Roxas Boulevard,
Barangay 668, Ermita, Manila

THRU : The PENR Officer
Mamburao, Occidental Mindoro

The CENR Officer
Sablayan, Occidental Mindoro

FROM : The Protected Area Superintendent

SUBJECT : SUBMISSION OF APPROVED MINUTES AND ONE (1)
RESOLUTION OF THE 2ND QUARTER PROTECTED AREA
MANAGEMENT BOARD MEETING HELD ON 10 MAY 2023 OF
MT. CALAVITE WILDLIFE SANCTUARY IN PALUAN,
OCCIDENTAL MINDORO


Submitting herewith the minutes of the Protected Area Management Board (PAMB) regular meeting for the second quarter CY 2023 of Mt. Calavite Wildlife Sanctuary (MCWS) held on May 10, 2023, at MCWS Ranger Station, Sitio Ulasan, Brgy. Harrison, Paluan, Occidental Mindoro.

Action taken by the board during the meeting is the passing of one (1) resolution to wit:

1. PAMB Resolution No. 2023-002, Series of 2023 (Kapasiyahan Blng. 2023-002, Serye ng 2023) "Kapasiyahang nagpapahayag na maipa-kansela ang Environmental Compliance Certificate No. (ECC-OL-R4B-2018-0125) para sa Commercial Sand and Gravel na iginawad kay G. Edwin Raci at maipa-tigil ang operasyon nito sa loob ng Mt. Calavite Wildlife Sanctuary (MCWS)"

Attached herewith for your perusal are pertinent documents, photos and resolutions passed which are itemized in the List of Attachments

For your information, evaluation and approval.


ARLENE V. FRANCISCO

3rd Floor Espejo Bldg. DENR Compound, Mamburao, Occidental Mindoro

E-mail: mcws.denr@gmail.com



Republic of the Philippines

Department of Environment and Natural Resources

MIMAROPA Region

COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE

MT. CALAVITE WILDLIFE SANCTUARY

PROTECTED AREA MANAGEMENT OFFICE

LIST OF ATTACHMENTS
(Re: May 10, 2023 MCWS PAMB Meeting)

1. Minutes of MCWS PAMB Meeting held on May 10, 2023
2. Figure 1. Photos taken during the MCWS PAMB Meeting held on May 10, 2023
3. Annex A. Attendance of MCWS PAMB Meeting held on May 10, 2023
4. Annex B. Order of Business of MCWS PAMB Meeting held on May 10, 2023
5. Annex C. Presentation of Ms. Jebiela Carla Petalcorin, embedded personnel of Mines and Geosciences Bureau MIMAROPA Region
6. Annex D. Presentation of First Semester Biodiversity Monitoring System Report for CY 2023
7. PAMB Resolution No. 2023-002, Series of 2023 (Kapasiyahan Bln. 2023-002, Serye ng 2023) "Kapasiyahang nagpapahayag na maipa-kansela ang Environmental Compliance Certificate (ECC-OL-R4B-2018-0125) para sa Commercial Sand and Gravel na iginawad kay G. Edwin Raci at maipa-tigil ang operasyon nito sa loob ng Mt. Calavite Wildlife Sanctuary (MCWS)"



Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (PAMB)
MT. CALAVITE WILDLIFE SANCTUARY
Paluan, Occidental Mindoro

MGA DUMALO: *(Tingnan ang Attendance of PAMB Meeting sa Annex A).*

A. Pagsisimula

1. Pambungad na Pananalangin

Nagsimula ang pagpupulong sa ganap na ika-9:53 ng umaga sa pamamagitan ng isang panalangin sa pangunguna ni G. Reuben James Salazar representante mula sa PPDO.

2. Pag-awit ng Pambansang Awit ng Pilipinas

Ang panalangin ay agad namang sinundan ng Pambansang Awit ng Pilipinas sa pamamagitan ng isang "video presentation".

3. Pambungad na pananalita

Bumati ng isang magandang araw sa lahat si PASu Francisco at hiniling nito na bago ganap na magumpisa ang pagpupulong ay humiling siya ng isang pambungad na pananalita mula sa kinatawan ni PAMB Diaz na si MENRO Arnold Dueñas. Agad naman itong pinaunlakan ni MENRO Arnold Dueñas.

Bumati din ng isang maganda at makakakalikasang araw si MENRO Dueñas sa lahat ng mga panauhin at dumalo sa pagpupulong. Nagpasalamat ito sa pagkakataong ipinagkaloob sa kanya ni Punong Bayan Michael O. Diaz upang makadalo sa pagpupulong ng PAMB. Ayon sa kanya, siya ay umaasa na marami siyang matutunang bago sa pagpupulong na iyon. Dagdag pa niya na buong pusong ipinararating ni PAMB Diaz ang kanyang mainit na pagtanggap sa bawat isa na nasa pagpupulong na iyon.

Nagpasalamat naman si PASu Francisco sa mensahe ni MENRO Dueñas.

Pagpapakilala sa mga kasapi ng PAMB, mga tanging tagapagsalita at mga panauhin

Ipinakilala ni PASu Francisco ang bawat kasapi ng PAMB, isa-isa niyang binanggit ang mga ito kabilang dito ang mga dumalo "via zoom". Sunod namang ipinakilala ni PASu Francisco ang iba pang mga panauhin sa pagpupulong.

Karampatang Pagpupulong

1. Pagtawag sa mgakasapi at pagpapatunay sa Korum

Matapos isa-isahin ang mga dumalo, sinabi ni PASu Francisco na sa kabuuan na labinganim (16) na miyembro ng PAMB ay labing tatlo (13) ang dumalo kasama ang mga nasa "zoom" at nangangahulugan na nasa korum ang pagpupulong *(Tingnan ang*

Attendance sa Annex A). Kaya pinatunayan at idineklara ni PASu Francisco na ang pagpupulong ay nasa korum.

2. Pagtawag para sa Kaayusan ng Pagpupulong

Pagpili ng opisyal na mamumuno (Presiding Officer) sa pagpupulong.

Sinabi ni PASu Francisco na kailangang pumili ng isa mula sa kasapi ng PAMB upang mamumuno (Presiding Officer) sa pagpupulong dahil hindi nakadalo ang Regional Executive Director ng DENR MIMAROPA na siyang Chairperson. Ang pagpili ay ayon sa isinasaad sa "Rule 11, paragraph 11.6, ng DAO 2008-26, "The revised Implementing Rules and Regulations of RA 7586, otherwise known as the NIPAS Act of 1992 as amended by RA 11038 o ang ENIPAS Act at ang BMB Technical Bulletin No. 2017-04.

Kaya't sa mungkahi ni Punong Barangay Domingo A. Tamayo, Jr. (PAMB member, Punong Barangay, Alipaoy), na agad namang pinangalawahan ni G. Arnold Dueñas, (MENRO ng LGU Paluan, Kinatawan ng Punong Bayan, Paluan, Occidental Mindoro), na si Punong Barangay Menardo T. Toriana. (PAMB member, Punong Barangay, Harrison) ang siyang naitalagang mamuno sa pagpupulong.

Bumati ng isang magandang umaga sa lahat si PAMB Toriana at sinabi na sa bisa ng kapangyarihan na pinagkaloob sa kanya ng Protected Area Management Board (PAMB), ay kanya ng pormal na binubuksan o ideneklara ang opisyal na pagsisimula nito.

3. Pagpapatibay sa listahan ng nakahaing usapin o agenda (Order of Business)

Sinabi ni PAMB Toriana na bago umpisahan ang pagpupulong ay nais muna niyang basahin ang nakahaing usapin o "agenda" ng pagpupulong upang ito ay ma-aprubahan na. Tinanong niya kung may nais pa bang idagdag sa nakahaing usapin at kung wala na ay hiniling niya na aprubahan na ito upang ganap ng maipagpatuloy ang pagpupulong at sinanga-ayunan naman ito ng lahat.

Ang pagpapatibay sa nakahaing listahan ng Order of Business para sa pagpupulong ay pinagtibay sa mungkahi ni PAMB Tamayo (PAMB Member, Punong Barangay, Alipaoy) na pinangalawahan ni G. Salazar (Kinatawan mula sa PPDO). (Tingnan ang Order of Business sa Annex B).

4. Pagbasa at pagpapatibay sa katitikan ng nakaraang pagpupulong

Tinanong ni PAMB Toriana sa mga kasapi ng PAMB kung ang katitikan ng nakaraang pagpupulong ay kailangan pa bang basahin. Sinabi naman ni PAMB Tamayo na dahil sa ang kopya naman ng nakaraang katitikan ay naibigay na ng "secretariat" noong ika-27 ng Abril taong kasalukuyan at aniya pa ay sigurado naman na nabasa na ito ng bawat isa. Gayunpaman, sinabi niya na kung hihilingin ng mga kasapi ng PAMB na basahin parin ito sa pagpupulong ay maaari itong hilingin sa "secretariat". Muli ay humingi ng pahintulot si PAMB Tamayo na makapagsalita at agad naman itong pinahintulutan ni PAMB Toriana. Sinabi niya na kung wala ng ibang nais itama o baguhin sa nakaraang katitikan, iminumungkahi niya na ang katitikan sa nakaraang pagpupulong ay ma-aprubahan na. Agad naman itong pinangalawahan ni MENRO Dueñas.

Kung kaya't sa mungkahi ni PAMB Tamayo na pinangalawahan naman ni MENRO Dueñas (Kinatawan ni PAMB Member Michael O. Diaz), ay pinagtibay ang katitikan ng nakarang pagpupulong noong ika-15 ng Pebrero taong 2023.

5. Mga usapin mula sa nakaraang pagpupulong

Humingi ng pahintulot si PASu Francisco upang makapagsalita at agad naman siyang pinahintulutan ni PAMB Toriana. Sinabi ni PASu Francisco na base sa nakaraang pagpupulong ang isa sa naging usapin ay tungkol sa konstruksyon ng istruktura ni G. Abelardo Pangilinan sa loob ng MCWS. Ayon kay PASu, noong nakaraang pagpupulong ay hiniling ni PAMB Grace Diamante na gumawa ng sulat ang Protected Area Management Office (PAMO) para lagdaan ng Regional Executive Director (RED) na si Director Lormelyn E. Claudio bilang taga-pangulo ng PAMB at i-serve ito kay G. Pangilinan. Ayon sa kanya ay nakagawa na ang PAMO ng “draft letter” at ito ay naipadala na din sa “Regional Office” subalit sa kasalukuyan ay hindi pa ito naaprubahan. Aniya ay maaring naging abala si RED dahil sa nangyaring “oil spill” sa Oriental Mindoro. Kaugnay nito ay humingi siya ng “update” mula sa kinatawan ni RED Claudio na kasama sa pagpupulong sa pamamagitan ng “zoom”. Sinabi ni Chief, Conservation and Development Division (CDD) Ma. Melissa L. Endangan na ang nasabing sulat ay pipirmahan na ni RED at ipapadala ito sa lalong madaling panahon. Sinabi din niya na dahil dito ay hindi pa din makakakuha ng impormasyon ang PAMB ng mga dokumento tungkol sa kanyang patuloy na konstruksyon at upang malaman din kung ito ba ay titulado kay G. Pangilinan. Gayunpaman, sinabi niya na kahit pa ito ay titulado sa pangalan niya, kailangan pa rin nitong dumaan sa PAMB para kumuha ng “clearance” sapagkat ang nasabing lugar ay nasa loob ng “Protected Area (PA)”.

Sunod na usapin mula sa nakaraang pagpupulong ay ang pagbubukas ng MCWS para sa mga turista. Ayon kay PASu Francisco, noong nakaraang pagpupulong ng PAMB ay pansamantala munang pinatigil ang pagtanggap ng mga bisita dahil mayroon pang paglilinaw tungkol sa “fees” na gustong singilin ng lokal na pamahalaan ng Paluan. Kung kaya't iminungkahi noon ni PAMB Diamante na ayusin muna ito bago muling tumanggap ng bisita ang MCWS. Kaugnay nito ibinalita ni PASu Francisco na nagkaroon ng pagpupulong ukol dito noong Pebrero 28, 2023, kung saan napag-alaman na mayroon namang nakatalagang “Environmental fee” ang bayan ng Paluan sa halagang 75.00 piso. Sinang-ayunan naman ito ng “Tourism Officer” ng Paluan na si G. Victor John Quiñones. Ayon naman kay G. Quiñones, wala pang nabibigay na katitikan sa kanya tungkol dito subalit sinabi naman ni PASu Francisco na mayroon ng “draft” galing kay G. Zion Dueñas, tagapagtala sa nasabing pagpupulong. Binanggit din ni G. Quiñones na ang akala niya ay magkakaroon ng “special meeting” ang PAMB upang talakayin ang tungkol sa Ablaw Liwas. Sinagot naman ito ni PASu Francisco at sinabi na kaya hindi na nagkaroon ng “Special PAMB meeting” sa kadahilanang ang pangunahing pag-uusapan sana dito ay ang Ablaw Liwas, subalit napagkasunduan na noong nagpulong na susunod nang taon ito gaganapin. Naging malinaw naman ito kay G. Quiñones.

Ayon kay PASu Francisco ang dalawang usapin lamang ang naging isyu noong nakaraang pagpupulong. Sinabi naman ni PAMB Toriana na kung wala ng ibang tatalakayin sa nakaraang pagpupulong ay maaari ng dumako sa usapin na nakahain ngayong pagpupulong. Sumang-ayon naman ang lahat dito.

A. Existing Commercial Sand and Gravel at Gayamat River

Ang usapin ay tinalakay ni PASu Francisco. Ayon sa kanya hindi alam ng PAMO na mayroong "Commercial Sand and Gravel (CSAG) permit" sa Gayamat River na nasasakupan ng MCWS. Ang nasabing CSAG ay nabigyan ng "Environmental Compliance Certificate o ECC" sa pangalan ni Ginoong Edwin R. Race noong Setyembre 10, 2018 at may kabuuang sukat na 3.2884 hektarya. Ito ay matatagpuan sa So. Gayamat, Brgy. Harrison, Paluan, Occidental Mindoro. Ang "permit" ay mula sa "Provincial Government - Environment and Natural Resources Office (PG-ENRO)." Nakita lang nila umano ito noong nagpa-patrol at nag-mo-"monitor" ang PAMO ng mga "monuments" at "signages" na matatagpuan sa loob PA at napansin nila na may "quarrying o nag-e-"extract" ng mga bato sa lugar. Dagdag pa niya ay mayroon ding nagsadya sa opisina na residente ng So. Ulasan na mayroon daw umanong nagaganap na paghahakot ng mga bato at graba. Pinatingnan ito ni PASu sa isa sa mga "PA Ranger" at napag-alaman na base sa "demarcated boundary" ay nasa loob ng PA ang nasabing gawain. Kung kaya ang PAMO ay nagpunta sa naturang lugar upang makita ang sitwasyon ng nasabing CSAG, kasama ang Punong Barangay ng Harrison ganun din ang ilang kawani ng ENRO. Maliban sa CSAG, nakita rin ng grupo na may isa pang lugar na pinag-iipunan ng graba, buhangin at bato malapit sa "approved area" ni G. Raci. Ang lugar na ito ay nasa loob din ng "Protected Area" na kung saan nararapat na may kaukulan din itong dokumento bago sila mag-okupa at magsagawa ng mga gawain. Subalit base sa rekord ng PAMO ay wala din itong pahintulot sa PAMB. Ayon sa nagmamay-ari umano ng naturang lugar ay kanila itong pag-aari at mayroon silang katibayan na magpapatunay nito. Sinabi ni PASu Francisco sa umano'y may ari ng lupa na kinikilala ng batas ENIPAS na na-amyendahan ang lahat ng tituladong lupa sa loob ng PA. Ngunit nararapat pa rin na humingi muna ang mga ito ng pahintulot sa PAMB ukol sa mga gawaing isasagawa dito. Kaugnay ng nasabing usapin sa CSAG, inimbitahan ni PASu Francisco ang kinatawan ng "Mines and Geosciences Bureau (MGB)" sa katauhan ni Bb. Jebiela Carla Petalcorin (Embedded personnel) upang mas maipaliwanag ang mga bagay patungkol dito.

Agad namang pinaunlakan ni Bb. Petalcorin si PASu Francisco. Bumati ito ng magandang araw sa lahat. Ipinakita ni Bb. Petalcorin ang mapa ng "aerial survey" na ginawa nila noong ika-12 ng Abril taong kasalukuyan sa lugar na nabanggit ni PASu Francisco. Ayon sa kanya ang may linyang pula ang "delineated and approved permit area" lamang ni G. Edwin Raci ang may ari ng nasabing "quarrying site" at ang asul na linya naman ay ang "tracks" noong nagsagawa sila ng "inspection" at iyong mga "points" ay ang mga kinuha namang "geotagged photos" sa lugar. Ayon sa kanya, sa pulang linya lamang ang dapat pagkuhanan nila ng buhangin at graba pero base sa kanilang "inspection" ay umabot na ito sa linyang asul na sakop ng PA. Nagpakita din siya ng "drone shots and satellite image" mula sa "google map". Ipinakita niya ang kaibahan nito base sa mga nagdaang taon kumpara sa kasalukuyan. Sinabi niya na base sa mga larawang ito ay kitang-kita na may "activities" sa labas ng "approved area". Dagdag pa niya, noong nagsagawa ng inspection ay nakita din nila ang "excavator and dump truck" sa lugar kung saan ay lagpas na sa "approved area for quarrying." Ayon pa sa kanya ay nagsawa din sila ng "interview" kay G. Raci at sinabi nito na hindi umano nila alam na nag-e-"extract" na sila sa loob ng PA. Sa huli ay sinabing muli ni Bb. Petalcorin na ang kanyang ipinakitang presentasyon ay ang naging resulta ng isinagawa nilang "assessment" noong ika- 12 ng Abril 2023. *(Tingnan ang kabuuan ng presentasyon sa Annex C).*

Kaugnay ng usaping ito ay humingi ng pahintulot si ENRO Ireneo Cortuna upang makapagsalita at agad naman siyang pinahintulutan ni PAMB Toriana. Bumati ito ng

magandang umaga sa lahat. Ayon sa kanya, noong nakarating sa kanya ang sulat ni PASu Francisco ay gumawa agad siya ng “temporary suspension of permit” ni G. Raci at bago ito ipasa ay ipinaabot muna umano nito sa kanilang “Legal Adviser” ang nasabing usapin at ang naging sagot sa kaniya ay hindi dapat siya ang magbigay ng “suspension” sa “permit” dahil ang nag-apruba dito ay ang Provincial Mining and Regulatory Board (PMRB) at dapat aniya na ang PMRB ay magsagawa ng pagpupulong upang ito ay mapag-usapan at doon magsisimula ang hakbangin para sa pagpapakansela ng “permit” at ipapasa lamang sa ENRO ang desisyon ng mga ito upang ito naman ang maging basehan ng pag-aksyon nila. Dagdag pa niya na si Bb. Petalcorin ng MGB ang nag-ba-
“validate” ng bawat permit sa buong probinsya dahil hindi naman umano nila ito trabaho. Kaya aniya kung may problema ang isang “permittee” ay hindi a-aprubahan ng “Chairperson” ng PMRB ang “permit” kung sa “validation” pa lamang ay mayroon ng nakitang paglabag sa alituntunin. Dagdag pa ni ENRO Cortuna na hawak niya ang sulat na dapat ay magsusupende sa permit ni G. Raci at ayon pa sa kanya ito ang patunay na umakasyon siya patungkol dito ngunit pinigil ito ng kanilang Legal Adviser. Sinabi din ni ENRO Cortuna na sa May 11, 2023 ay magkakaroon sila ng PMRB “meeting” at hiniling niya na dumalo sa pagpupulong na ito si PASu Francisco upang matalakay nila ito. Idinagdag ni ENRO Cortuna na ang permit ni G. Raci ay may bisa mula May 25, 2022 hanggang May 25, 2023 lamang kaya aniya napapanahon na kung ano ang mapag-uusapan sa pagpupulong ng PAMB ay ma-hain sa “PMRB meeting” kasama ang “validation report” ni Bb. Petalcorin na kailangan din mai-presenta doon para ito ang maging daan upang makansela ang permit ni G. Raci na sakop o nasa loob ng PA. Ayon pa sa kanya, ang kanyang inilahad ay ang sinusunod na “protocol” para sa pag-aksyon nila dahil may PMRB pa at umano sila sa ENRO ay hindi nagtutulog-tulugan pagdating sa mga ganoong usapin. Dagdag pa niya, si Bb. Petalcorin ang siyang may “final say” tungkol sa usapin dahil siya ang nagba-validate sa mga “permittees”. Ayon naman kay Bb. Petalcorin ay nais niyang idagdag na mayroon ng “updated area status clearance” na nagsasabi na “in conflict” na ang “approved area” ni G. Raci sa PA at ito ay sapat ng basehan upang hindi ma-“renew” ang kanyang “permit”. Humingi naman ng pahintulot si PASu Francisco upang makapagsalita at agad naman siyang pinahintulutan ni PAMB Toriana. Sinabi niya na ang kanyang punto sa usaping ito ay 2018 pa naisabatas ang “Expanded National Integrated Protected Area System o ENIPAS as amended” at taong 2019 ng maglagay ng muhon bilang tanda sa hangganan ng MCWS. Ayon din sa kanya, taong 2020 naman naglagay ng mga “signages” sa pagitan ng mga muhon bilang paalala sa mga papasok at dadaan sa nasasakupan ng MCWS. Binanggit din niya kung ano nakasulat sa mga “signages” kaya parang hindi ito makapaniwalang wala silang ideya na may nasasakupan ang “Protected Area” sa So. Gayamat at base sa rekord ay may “signage” na malapit doon sa lugar ng “quarry” ni G. Raci. Dagdag pa rito itinanong niya kung paano ang proseso ng “renewal of CSAG” (simula noong 2020) at kung may “inspection/evaluation prior to the approval of permit”. Kung meron man, sino ang responsable upang malaman kung nakakasunod ba ang isang “permittee” sa mga alituntunin na nakasaad sa “terms and conditions”. Sapagkat kung mayroon silang “actual monitoring/evaluation” noong mga nakaraang “renewals” ay makikita nilang labas na sila sa itinakdang hangganan na dapat nilang pagkukuhanan ng buhangin at graba. Sinagot naman ito ni Bb. Petalcorin, ayon sa kanya nitong taong kasalukuyan nang nagsagawa sila ng “inspection” ay wala pang “extraction activities” na nangyari noong Marso 2023 na kung saan siya mismo ang pumunta doon. Sinabi niya na ang mga dokumento ni G. Raci ay kumpleto at “compliant” para ma-“renew” ang “permit” nito. Na-observe din umano niya na “heavily silted” ang Gayamat river. Ipinaliwanag din niya na ang tinitingnan sa inspeksyon ay kung may sapat pang dami na makukuhang “resources” upang ma-sustain ang “extraction operation of permit holders” sapagkat ito ang huling

“requirement” bago “i-deliberate” ng PMRB ang mga “application permits”. Ipinakita naman ni PASu Francisco ang ilan sa mga larawang kuha sa Gayamat river upang maipakita sa PAMB ang pinsalang dulot ng CSAG ganun din ang “equipments” na nag-o-operate sa lugar. Ayon naman kay ENRO Cortuna, sa darating na ika-11 ng Mayo 2023 ay magkakaroon ng pagpupulong ang PMRB kung kaya ang usapin tungkol dito ay isasama niya sa “agenda” upang ito ay matalakay. Maaari umano itong pagdesisyunan ng PMRB at i-rekomenda na kanselahin na ang bahaging nasa loob ng MCWS. Nagbigay pa ng ibang impormasyon si Bb. Petalcorin tungkol sa obserbasyon niya sa “main channel” ng Gayamat river gamit ang “satellite image” noong 2018 at ayon sa kanya ito ay “relatively unconsolidated at that time” kung saan namuo o tumigas na ang lupa o tinatawag “island burst in geological term” at makikita din na kumipot tapos pumantay na ang mga “inactive channels” ng ilog sa paligid nito kumpara dati. Sinagot naman ni PASu Francisco na naiintindihan niya yong gustong iparating ng MGB subalit ang punto niya ay walang kaukulang pahintulot/permiso mula sa PAMB ng MCWS ang CSAG ni Mr. Raci. Ayon pa sa kanya, ito ay labag sa batas base sa “DAO 2019 – 05, section 20 – prohibited acts (p-q) of the Implementing Rules and Regulations under RA 11038 as amended”. Kaugnay naman nito ay sinabi ni Bb. Petalcorin na nasabihan na si G. Raci na ibaba muna ang kanilang mga “equipments” at ipinakita niya umano ang hangganan ng “approved area” na dapat pagkukuhanan nila ng buhangin at graba. Subalit ayon naman kay PASu Francisco, hanggang sa kasalukuyan ay patuloy pa rin ang operasyon dahil ayon umano kay G. Raci hihinto lamang sila kapag ang taga ENRO ang magsasabi sa kanila. Sumagot naman tungkol dito si ENRO Cortuna at sinabing inimbitahan niya si G. Raci noong matanggap ng opisina nila ang sulat ng PAMO upang ipaalam dito ang nasabing “complaint” sa operasyon na ginagawa nila sa Gayamat river. Dagdag pa niya na nag-request din siya kay G. Glenn Marcelo C. Noble, Regional Director – MGB MIMAROPA Region para magkaroon ng panibagong “area status clearance” at lumabas nga noong April 04, 2023 na mayroon na itong “conflict” kaya ito ang basehan nila para pormal na i-kansela ang “permit”. Ipinaliwanag pa niyang ang permit na iyon ay iginawad ng Provincial Government, MGB at EMB noong hindi pa nade-dedeklarang Protected Area ang MCWS. Sinagot naman ni PASu Francisco na taong 2000 na-deklara ito bilang PA sa bisa ng “Presidential Proclamation 292 dated April 23 at kasama sa legislated PA base sa “Republic Act 11038 or ENIPAS as amended” noong June 2018. Bilang tugon dito, ibinahagi ni ENRO Cortuna ang proseso ng pag-a-aplay ng isang “permitee”, kung saan magpapasukat ang aplikante sa “geodetic engineer” kasama ang “narrative report”. Sinabi niya na ini-indorso ng ENRO sa MGB ang mga dokumento para mabigyan ng “status clearance” ang mga aplikante kasama ang iba pang dokumento kabilang dito ang “certification of no objection” mula sa barangay na nakakasakop sa lugar na ina-aplayan. Kaya noong 2018, hindi pa nila na-di-diskubre na nasa loob ng “Protected Area” ang lugar na iyon sa Gayamat ay nabigyan si G. Raci ng “status clearance with no conflict” ng MGB. Sinabi din niya na ang mga ito ang ilan sa basehan ng ENRO para ma-proseso ang aplikasyon at magawaran ang isang aplikante ng “permit”. Idinagdag pa ni Bb. Petalcorin na isa din sa mga “requirements” ang pagbibigay ng “proof of acceptability” ng barangay bago mag-umpisa ang operasyon ng “permit holder” na sinang-ayunan din ENRO. Tinanong muli ni PASu kay ENRO Cortuna kung kelan ba talaga nag-umpisa ang “extraction” dahil sa obserbasyon niya doon sa lugar ay matagal na itong may operasyon. Sinagot naman siya ni Bb. Petalcorin na ngayong taon lamang dahil kasama ito sa “deliberation for 2nd quarter PMRB meeting”. Kaugnay nito, humingi naman ng pahintulot si PASu Francisco na basahin ang mensahe ng “representative from MBCFI” na nasa “zoom” agad naman siyang pinahintulutan ni PAMB Toriana. Ang nilalaman ang mensahe ay *“since may clear non-compliance na po sa ECC conditions ang owner at may “evidence” naman po base sa inspection, can a notice of violation po be issued or ECC*

306 *be revoke*”? Ayon naman kay ENRO Cortuna ay walang “expiration” ang ECC pero kung
307 may “violation” ang permittee ay basehan ito para kanselahin ang kanilang ECC.
308 Tinanong naman ni PASu Francisco kung sino ba ang dapat mag-i-issue ng “notice of
309 violation” at sinagot naman ni Bb. Petalcorin na ang EMB ang dapat mag-issue nito.
310 Dagdag na tanong ni PASu Francisco ay kung sino ba dapat ang magre-“report” na ma-
311 isyuhan ang “permittee ng notice of violation” sa EMB? Sinagot naman ito ni ENRO
312 Cortuna at sinabi magkakaroon ng “inspection” para i-“report” sa PMRB na may ganoong
313 sitwasyon upang pormal na masasabihan ang EMB na kailangan nilang inspeksyunin ang
314 lugar ng “permittee”. Sinabi ni ENRO Cortuna na sana inimbata sa pagpupulong ng
315 PAMB si G. Raci. Sinagot naman ito ni PASu Francisco na hindi muna niya ito inimbata
316 sa sapagkat nais muna niyang makakuha ng sapat na dokumento o patunay mula sa ENRO
317 at MGB bago gumawa ng kaukulang hakbang. Sapagkat ayon sa kanya, may inihain na
318 agad na reklamo si G. Raci kay CENRO Anastacio A. Santos nang malaman niya na
319 sumulat ang PAMO kay Gobernador Eduardo B. Gadiano upang pansamantalang ipatigil
320 ang operasyon niya sa Gayamat river at aniya pa dahil doon ay mahirap ng magpadalos-
321 dalos ng desisyon dahil maaaring balikan siya nito. Tumugon si ENRO Cortuna sa
322 usaping ito at sinabi na ipapalista niya sa “agenda” ng PMRB meeting sa Mayo 11, 2023
323 upang makadalo si G. Raci nang sa ganun ay malaman niya ang mga datos patungkol sa
324 CSAG. Nararapat umanong sa PMRB meeting talakayin ang usapin sapagkat ang “board”
325 ang nag-rekomenda na mabigyan sya ng CSAG permit at sila din ang magsabi na may
326 “violations” ito. Tinanong naman ni PASu Francisco kung maaari din ba siyang makadalo
327 sa “PMRB meeting” at sinabi naman ni ENRO Cortuna na padadalhan siya nito ng
328 imbitasyon. Hiniling naman ni PASu Francisco kay Bb. Petalcorin na kung maaari ay
329 makapag-present din siya sa “PMRB meeting” ng resulta ng kanyang naging “inspection
330 and validation” at sumang-ayon naman ito. Dagdag naman ni ENRO Cortuna
331 napapanahon na pag-usapan sa PMRB ang permit ni G. Raci sapagkat sa darating na ika-
332 25 ng Mayo ito ay “expired and for renewal” na. Kaugnay nito, iminungkahi niya na bago
333 magbigay ang barangay ng “proof of acceptability” makipag ugnayan muna sila sa ibang
334 tanggapan tulad ng MENRO at ENRO upang maiwasan ang ganitong sitwasyon.

335
336 Tinanong naman ni PASu Francisco kay PAMB Member Toriana kung si G. Raci
337 ay kagawad ng Brgy. Harrison at ito naman ay kinumpirma niya. Ayon pa kay PASu
338 Francisco ay may nagsasabi din na ang CSAG ay hindi mismo kay G. Raci dahil aniya
339 kung titingnan, ang mga equipments na ginagamit dito ay hindi mga basta-basta
340 lamang. Kaugnay nito ay tinanong ni PASu Francisco si ENRO Cortuna na kung mag-a-
341 apply ba ang isang permittee, ano ba ang mga kailangan na equipment o dapat ba na
342 mayroong kakayanan ang isang permittee na magkaroon ng mga heavy equipments?
343 Sinagot naman ni ENRO Cortuna ito at sinabi na isa sa mga requirements ay dapat
344 mayroon kang heavy equipment. Nagkaroon naman ng follow up question si PASu
345 Francisco at tinanong niya na kapag nag-a-apply ng permit ng sand and gravel ay
346 nagkakaroon ba ng inspection ang ENRO kung saan nila iniimbak ang kanilang mga
347 heavy equipment na gagamitin para dito? Dagdag na tanong din ni PASu Francisco kung
348 mayroon bang ganito si G. Raci base noong sila ay nag-inspeksyon. Sumagot naman si
349 ENRO Cortuna na hindi pa siya ang ENRO noong taon na iyon at hindi niya alam kung
350 ano ang naging proseso noong nagawaran ng permit si G. Raci. Dagdag pa niya na ang
351 ENRO ay napakalaki ng sakop at ang nakikinabang sa quarry taxes na kanilang sinisingil
352 ay ang Barangay na mayroong 40%, ang LGU na 30% at sila sa ENRO ay 30% din lamang
353 at ito ay nasa batas ng “Local Government Code”.

354
355 Hiningian naman ng komento ni PASu Francisco si MENRO Dueñas bilang
356 representante ni PAMB Diaz. Sinabi nito na napakinggan niya lahat ng usapan at base sa

kanyang narinig ay mag-e-“expire” na ang permit ni G. Raci nararapat aniya na i-kansela ang “ECC permit” nito.

Kaugnay ng usapin na ito ay sinabi ni PAMB Toriana dapat ay magkaroon ng resolusyon ang PAMB na ipa-kansela ang CSAG permit ng G. Raci at ito ay mapatigil sa kanyang ginagawang “extraction” sa nasasakupan ng PA. At sumang-ayon naman ang lahat dito.

Kung kaya’t sa mungkahi ni PAMB Member Domingo A. Tamayo, na pinangalawahan naman ni PAMB Bariso Cubil, ang request na maipakansela ang ECC permit ni G. Raci at mapatigil ito sa kaniyang operasyon sa loob ng nasasakupan ng PA sa pamamagitan ng isang Resolusyon. Ang mungkahi ay agad namang pinagtibay ni PAMB Toriana.

B. Establishment of checkpoints as law enforcement activity of MCWS-PAMO

Ibinigay ni PAMB Toriana ang kapahintulutan kay PASu Francisco upang ito ay makapagsalita at matalakay ang nasabing agenda. Ayon kay PASu Francisco, plano ng PAMO na magkaroon ng mga “choke points” sa ilang lugar na madalas dinadaan ng mga sasakyang na may “illegally cut lumber” upang sa ganitong paraan ay mabantayan nila ang mga “exit points” at ma-“apprehend” ang mga nagpuputol at nagbebenta ng kahoy. Itinanong niya sa mga nagsidalo sa pagpupulong kung napansin ang naka-imbak na mga kahoy sa gilid ng opisina at ibinalita niya na kumpiskado ito mula sa mga sitios ng San Pablo, Gayamat, at Bulakan. Layunin umano ng PAMO na maiwasang makapagputol sa loob ng PA subalit hindi sapat ang bilang ng mga tao para mabantayan o makapag-patrolya sa nasasakupan ng MCWS. Ipinaliwanag niya na ang MCWS ay maraming “entry at exit points” tulad ng Calawagan, ang lugar na ito ay nasa labas ng PA pero naniniwala sila sa PAMO na ang pinanggalingan ng mga na inilalabas nilang kahoy ay pinutol galing sa MCWS. Sinabi din ni PASu Francisco na aminado siya na hindi sila nakakapagpatrolya sa buong bahagi ng MCWS lalo na ang Sitios ng Kalansan, Agbalite, Pinagbayanan, Binuangan, Aglimasan at Kalangigan dahil nga sa kakulangan sa PA Ranger. Sapagkat nasa ganitong sitwasyon ang PAMO ay hinikayat niya ang mga katutubo (Iraya) noong nagsagawa sila Communication, Education and Public Awareness (CEPA) sa mga nabanggit na sitio noong Abril 25 – 27 at May 3 – 4, 2023 na makipagtulungan sa DENR at huwag tanggapin kapag may nagpapaputol sa kanila ng kahoy. Ayon pa sa kanya ay hinihinitay din sana niya ang ipinangako ni Mayor Diaz na Bantay gubat para sana makatulong sa PAMO. Humingi naman ng pahintulot si G. Quiñones na makapagsalita patungkol sa sinabi ni PASu Francisco. Aniya, ayon sa pagkaka-alam niya ay ang mga Punong Balayan ng bawat sitio ang siyang inatasan ng Mayor na maging Bantay Gubat. Sumagot naman si PASu Francisco na hindi umano nabanggit ni Mayor Diaz na ang mga Punong Balayan ang itinalagang bantay gubat.

Humingi naman ng pahintulot si PEMS Rodel Aoreano, representante ni PAMB PB General Sidney Hernia, ang Police General Director ng PNP MIMAROPA, upang makapagsalita at agad naman siyang pinahintulutan ni PAMB Toriana. Ayon sa kanya, nais niyang ibahagi ang pangyayari sa nahulihan nila ng kahoy noong ika – 16 ng Abril 2023 ng madaling araw sa Brgy. Marikit. Aniya, ang mga ito ay pawang menor de edad na mga katutubo na kung saan ang hinala nila ay napag-utusan lamang na dalahin ang mga ito sa bayan. Nag-alok din sila ng tulong sa PAMO na kung mangangailangan ng “assistance” ay maaari silang tawagan anumang oras at sinabi pa niya na regular din silang nagpapatrolya sa gabi. Mayroon ding siyang panawagan para sa lahat na sana ay huwag

gamitin ang mga kapatid nating katutubo sa pagpapa-putol ng mga puno para gawing kahoy lalo pa ang mga kabataan dahil magiging kawawa ang kinabukasan nila pag sila ay nahuli at wala pa sa wastong gulang ay makukulang na sila. Nagpasalamat naman si PASu Francisco sa naging pahayag ni PEMS Aoreano at sinabi na aasahan ng PAMO ang kanilang suporta tungkol sa mga ganitong gawain lalo na ang mga katutubo.

Kaugnay ng mga pinag-usapan, muling inihain ni PASu Francisco ang kahilingan ng PAMO lalo na sa Brgy. Harrison, sapagkat ito ang pinakamalaki ang nasasakupan. Hiniling niya na kung maaari sana na bawat barangay na may nasasakupan sa MCWS ay magkaroon ng representante para sa gawaing ito. Nagtanong naman si PAMB Toriana kung ano ang gagawin nila sa Barangay dahil may mga ilan na nagsasabi sa kanya na magpapagawa ang mga ito ng kanilang bangka upang gamtin sa paghahanap-buhay. Ayon pa sa kanya, ang mga ito ay walang kakayahang bumili ng ibang pang alternatibong maaaring gamitin sa pag gawa ng bangka. Humingi naman ng pahintulot si G. Quiñones na makapagsalita at agad naman siyang pinahintulutan ni PAMB Toriana. Ayon kay G. Quiñones, siya mismo ay nagpagawa ng sarili niyang bangka, hindi siya mangingisda at wala siyang balak mangisda pero aniya bilang Tourism Officer inaalam niya kung paanong hindi magugutom ang ating mga kapatid na katutubo. Base umano sa research ng kanilang opisina kung bakit hindi umuunlad ang ating mga kapatid na katutubo, ay dahil sa hindi sila nagtanim, nag-aalaga, nanghuhuli ng kahit ano mang labis para sa kanilang pang araw-araw na pangangailangan at aniya pa kung ano man ang kanilang inaalaan, hinuhuli at itinatanim ay kinakain din nila sa pang araw-araw nila. Dagdag pa niya na wala silang itinitira para ibenta nang sa ganoon ay mayroon silang kitain. Sinabi din niya na kaugnay nito ay naghain ng “proposal” ang kanilang tanggapan noong nakaraang administrasyon na gumawa ng pala-pala ang bawat Sitio simula sa likod ng Calavite at ito ang magiging bagsakan ng kanilang mga produkto at tutulungan sana ng bantay dagat pero ito ay tinutulan ng isang SB noong nakaraang administrasyon. Sinabi din niya na naging inspirasyon niya ito upang magpagawa ng sariling bangka dahil gusto niyang ipakita at patunayan na kaya naman itong gawin ng ating gobyerno dahil ang isang tulad niyang simpleng mamamayan ay nagawa ito bakit ang gobyerno natin ay hindi ito magawa. Aniya pa, siya ay dumaan sa proseso ng pagiging isang normal na mamamayan na katulad ng naunang sinabi ni PAMB Toriana na may mga normal na mamamayan na nagpapaalam na gagawa sila ng bangka pero mayroong mga SB at matataas na tao ang may mga malalaking bangka at ang tanong saan ba nila kinukuha ang mga ginamit nilang kahoy sa pagpapagawa ng mag ito. Hinaing niya na bakit ang mga katulad nilang normal na mamamayan ay napakahirap ng pinagdaanan para lamang makakuha ng kahoy. Sinabi din niya na kanyang natatandaan na noong nakaraang administrasyon at panahon ng dating PASu Orlando Ramos ay may nakarating na balita sa kanya na mismong bangka ng bantay dagat ang sumundo sa 2000 plus bdft. na kahoy sa Sitio Binuangan na kung saan ay nasasakupan ng Barangay ni PAMB Toriana at nasa loob ito ng PA. Ito umano ay kumpirmado dahil naka-report ito sa Philippine Army. Ang punto aniya dito ay hindi pagiging patas, dahil kaya naman palang pumunta ng Bantay Dagat sa likod ng Calavite pero bakit ito pinagkait na tulungan ang ating mga kapatid na katutubo noong nag-propose sila na dapat ay mangongolekta ng mga produktong ibabagsak ng mga kapatid na katutubo sa likod ng Calavite. Tungkol naman sa sinasabi ni PAMB Toriana na magugutom ang mga katutubo dahil sa pagpuputol at pagbebenta lamang ng kahoy sila nabubuhay, tinanong niya kung paano ang katulad ng kaso sa Sitio San Pablo na sakop ng Barangay Alipaoy, na napakadaming ilegalista doon pero ang tanong ay kung iyon bang mga ilegalista na iyon ay nakakaisip man lang ba na makapag-donate kahit isang sakong semento para makapagpagawa sila ng “basketball court” para sa mga ka-Sitio nila o kung nakaisip man lang ba sila na mamigay ng ulam o kahit anong pagkain kahit sa kapitbahay

nila? Aniya pa ay baka hindi dahil puro sarili lamang ang iniisip nila katulad din ng ibang mga Tagalog. Dagdag pa niya na paano masasabi na “justifiable” na putulin at kalbuhin ang mga kabundukan ng iilang tao lamang pero dadating ang panahon na lahat ay magsa-suffer dito. Kinuwento din niya na noong nakaraan bago ang pandemya ay may tatlong menor de edad na taga Sitio Ulasan ang nahuli ng ating mga kapulisan, nagbaba sila ng kahoy sakay ng bangkulong at ayon sa kanila ay dalawang oras silang pinalo ng PVC sa kanilang mga paa pero nagpasalamat pa din sila dahil hindi sila ikinulong at hindi sinampahan ng kaso. Aniya walang problema dito dahil ito ay normal na sa Paluan. Aniya pa ang punto niya dito ay kung iyong tatlong kapatid nating katutubo na kabataan na sakay ng bangkulong na may dalang kahoy ay hinuli pero bakit iyong malalaking “truck” na may mga kargang kahoy ay hindi hinuhuli. Dagdag pa niya na ito ay nakikita din ng ating mga kapatid na katutubo at ang parati nilang tanong bakit sila ang parating hinuhuli pero iyong mga ganoon ay hindi hinuhuli. Aniya, paano maibabalik ang kredibilidad sa panghuhuli kung ganoon ang iniisip sa ating ng ating mga kapatid na katutubo. Ayon pa sa kanya ay nalulungkot siya tungkol dito at bukod pa aniys sa pagkakalbo ng mga kabundukan ay kasabay din nito ang pagkamatay ng ibang mga “water falls” sa bayan ng Paluan na isa sa mga tinatago nitong yaman, dahil aniya pa sa buong Pilipinas ay wala pa siyang nababalitaan na may nagki-claim na bayan na may pinakamaraming waterfalls kaya dito palang ay nanghihinayang na siya. Ayon naman kay PASu Francisco ay naiintinidahan niya ang hinaing ni G. Quiñones dahil alam niyang pare-pareho din lamang sila ng layunin na mapangalagaan ang ating kabundukan lalo silang mga nasa pamahalaan at lalong higit sila sa tanggapan ng DENR. Dagdag pa niya na maging ang mga kapatid na katutubo ay mayroon din silang gampanin sa pangangalaga ng mga likas-yaman at ito ay nakasaad din sa kanilang IPRA law. Sumang-ayon naman dito si G. Quiñones at sinabi na ang lahat ay dapat mangalaga sa ating kabundukan at lahat dapat ay liable, hindi puwedeng ang DENR lamang, ang LGU lamang o ang mga Punong Barangay at ang mga opisyaes nito. Nabanggit din niya ang kaso ni G. Raci sa kanyang CSAG sa Gayamat, na aniya ay isa sa mga Kagawad ng Barangay Harrison. Tinanong niya kung hindi ba ito “administratively liable” kung mapatunayan naman na mayroon siyang ginagawa na hindi tama. Sinabi naman ni PASu Francisco na isa din ito sa tinitingnan sa ngayon kung ano ba ang magiging aksyon para sa kanya. Sinabi naman ni G. Quiñones na dapat lamang ay managot ito sa batas dahil kung hindi at mamimili lamang ng papatawan ng kaparusahan ay “unfair” naman ito. Dagdag pa niya ay nalulungkot siya na baka sampung taon mula ngayon ay sobrang kalbo na ang kagubatan sa Paluan. Aniya pa, paano na ang mga kabataan ng Paluan. Nagpasalamat naman si PASu Francisco sa mapusong pagsasalaysay ng nangyayari sa bayan ng Paluan sa ngayon. Dagdag pa niya na sila sa DENR ay ginagawa naman nila ang parte pagdating sa pagbabantay at pangangalaga sa MCWS at mga kabundukan, iyon nga lamang ay hindi nila lubos na mabantayan ito dahil na din sa kakulangan sa “staff”. Hiniling din ni PASu Francisco na sana ang mga kapatid nating katutubo ay maging katulong sa pagbabantay sa mgakabundukan at nakiusap na huwag na silang magputol ng kahoy dito lalo na kung ito ay ibebenta nila sa labas. Tinanong naman ni G. Quiñones ang dalawang Punong Balayan kung sa bawat pagkakaingin ba nila ay kung may natitira ba sa kanila bilang pantinda o kung ito ay napupuntang lahat sa kanilang pangkain lamang. Ayon naman kay Punong Balayan Piling Villanueva (PAMB Member), kung may matira man na pang benta ay isa o dalawang kaban lamang kulang na kulang aniya ito kaya hindi din nila maiwasan ang magputol ng kahoy upang ibenta upang may ipangtustos sa kanilang pamumuhay. Ayon pa sa kanya sa panahon ngayon ay wala ng kabataang katutubo ang may gustong magkaingin dahil sa ito ay mahirap na trabaho. Ayon naman kay G. Quiñones alam niyang parehong mali ang pagkakaingin at pamumutol ng kahoy pero aniya kung siya ang papipiliin ay mas gusto niya ang pagputol ng puno dahil ito ay may natitira pang ugat na may pag asa na muli itong tumubo kumpara

sa kaingin na ultimo ang damo ay namamatay pag kinakaingin ang isang lugar. Hindi
aniya hinihikayat na ituloy ang pagpuputol ng kahoy at ihinto ang pagkakaingin dahil sa
kailangang kumain. Ayon pa sa kanya may mga nakausap din siyang ibang kapatid nating
katutubo at sinabi na kapag sila nagkakaingin ang kanilang mga ani ay pandalawang lingo
lamang na pangkain ang labis kung kaya't kailangan na ulit nilang maghintay ng apat
hanggang anim na buwan bago ulit sila makapag-ani. Kung kaya't aniya ang tanong ay
ano ba ang pupuwedeng alternatibong gawin para sa kanilang kabuhayan, dagdag pa niya
na hangga't hindi sila nabibigyan ng sapat na kabuhayan ay patuloy lamang silang
magpapatuloy sa kanilang ginagawa. Huling sinabi ni G. Quiñones na huwag na sana
tayong magturuan sa kung sino ang dapat managot at dapat sisihin kung hindi dapat ay
mag-umpisa na lamang tayo ng panibago ng sabay-sabay. Ayon naman kay PASu
Francisco na tama si G. Quiñones na walang dapat sisihin at ituro at dapat ay magkaisa
lamang tayo doon sa "goal" natin na pangalagaan at ingatan ang ating Protected Area at
iba pang kabundukan dito sa bayan ng Paluan.

Humingi naman ng pahintulot si PEMS Aoreano na makapagsalita at agad naman
siyang pinahintulutan ni PAMB Toriana. Sinabi niya na para sa kanya ay hindi lamang
dapat ang ahensya ng DENR ang mangangalaga sa ating kabundukan dahil tungkulin din
ito ng lahat. Ayon din sa kanya, ang ating mga kapatid na katutubo ay huwag sanang
magpagamit sa mga Tagalog upang gumawa ng ilegal sa halip ay tumulong na din lamang
sila sa pagbabantay sa ating kabundukan. Tungkol naman sa usapin na bakit ang mga
malalaking truck na naglalabas ng kahoy ay hindi nila nahuhuli, sinabi niya na ito ay dahil
sa hindi naman nila ito nakikita at hindi naman nila ito alam. Kaya ang hiling niya sa mga
kapatid nating katutubo na kung may mga mabalitaan sila na maglalabas o magkakarga
ng kahoy ay sabihin ito sa kanila ng sa ganoon ay mahuli nila ang mga ito. Dagdag pa
niya na naniniwala siya na ang tungkulin pangangalaga sa mga kabundukan ay hindi dapat
sa isang ahensya lamang bagkus dapat ay maraming ahensya ang "involve" dito upang ito
ay mas maging epektibo. Hiniling din niya na sana ay magkaroon ng isang forum tungkol
dito kasama ang mga iba pang "concern" na ahensya. Sinabi din niya na dahil nasa
pagpupulong na iyon ang kinatawan ng Punong Bayan ng Paluan, umaasa siya na ang
usaping iyon maipapaabot nito sa kanya. Tungkol naman sa planong paglalagay ng
"chokepoint", sinabi niya na walang magiging problema sa kanila sa pulisya at nangako
ito na tutulong sila sa DENR lalo na sa MCWS-PAMO sa ganoong gawain. Ayon din sa
kanya, pabor sila sa sinasabi ni PASu Francisco na magkaroon nito at tiniyak na
makakaasa ang PAMO sa kanilang suporta sa nasabing gawain.

Nagpasalamat naman si PASu Francisco sa suportang ibinigay ng kapulisan sa
bayan ng Paluan para sa nasabing gawain. Humingi ng pahintulot si G. Malibiran
kinatawan ng DOST upang makapagsalita at agad naman siyang pinahintulutan ni PAMB
Tamayo. Sinabi niya na bago ganap ipagpatuloy ang usapin ay panandalian munang
putulin ang pagpupulong upang bigyang daan ang tanghalian. Agad naman itong
pinangalawahan ni MENRO Dueñas kinatawan ng Punong Bayan.

*Kung kaya't sa mungkahi ni G. Malibiran na pinangalawahan naman
ni MENRO Dueñas, na panandalian munang itigil ang pagpupulong para sa
pananghalian. Ang mungkahi ay agad namang pinagtibay ni PAMB Toriana.*

LUNCH TIME 12:42 PM

RESUME 1: 34 PM

Ang pagpupulong ay muling ipinagpatuloy sa mosyon ni PAMB Toriana. Humingi ng pahintulot si PASu Francisco upang makapagsalita at pinahintulutan naman siya ni PAMB Toriana. Kaugnay ng naputol na usapin kanina ay hiniling ni PASu Francisco na mahingian ng isang pananalita si CENRO Anastacio A. Santos na humabol at dumating sa pagpupulong. Agad namang pinaunlakan ni CENRO Santos si PASu Francisco. Nagpasalamat si CENRO Santos kay PASu Francisco at sa lahat ng miyembro ng PAMB sa pagbibigay ng pagkakataon na siya ay makapagbigay ng maikling mensahe. Bumati ito ng magandang hapon sa lahat, ayon sa kanya ay talagang pinilit niya na makadalo sa pagpupulong na ito dahil matagal-tagal na din na panahon na siya ay hindi nakadalo dito dahil may mga bagay din siyang dapat tapusin at gawin sa takdang oras at laging nagkakataon na ito ay natatapat din sa schedule ng PAMB meeting. Sinabi niya na gusto din niyang malaman kung ano na ba ang nangyayari sa PAMB, dahil sa kanilang Regional Management Conference ay tinatanong ng Regional Executive Director kung ano na ang nangyayari sa mga Protected Areas. Gusto umano niyang masubaybayan ang mga “updates tungkol sa mga “on-going activities” ng MCWS”. Kaugnay naman sa pino-propose ni PASu Francisco na pagkakaroon ng chokepoint, aniya, naging laman ng Group Chat o GC ng MCWS na kung saan ay kasama siya ay ang sunod-sunod na mga kahoy na nahuhuli ng mga Park Ranger at ang nakakabahala aniya ay hindi mga ordinaryong kahoy lamang ito kundi tinatawag na “hot lumber” na walang mga kaukulang dokumento galing sa DENR. Nakikita umano niya ang mga “contractual personnel” na kahit na gabi at minsan ay madaling araw pa nanghuhuli. Dagdag pa niya ay nakakagalit lamang dahil hindi talaga tumitigil ang mga ilegalista. Kung titingnan aniya ang sitwasyon sa ngayon ng ating kapaligiran, ang lahat ng tao ngayon ay nagrereklamo dahil sa sobrang init at ito ay epekto na ng climate change dahil sa walang habas na pagsira sa mga kabundukan at kagubatan. Marahil aniya ang mga tao sa bayan ng Paluan ay napapansin din ito at sila mismo ang buhay na mga patotoo kung ano ba ang sitwasyon ng kapaligiran dati sa bayan na ito noong madami pang puno sa kagubatan. Sinabi din niya na nakakalungkot at nakakagalit dahil noong nakaraang taon ay may nakuha din sila na halos 2000 bdft. dito at ngayon ay mas dumami pa ang nahuhuli. Dagdag niya na ang ibig sabihin lamang nito ay wala talagang disiplina ang mga mamamayan dito sa bayan ng Paluan at wala ding pagmamalasakit sa kapaligiran.

Sinabi din niya na habang nakikinig siya sa tanong na kung sino ang tatao sa gagawing chokepoint, sinagot niya na sa parte na ito ng MCWS-PAMO, since ito ang kanilang pinoprotektahan at mayroon din aniya itog mga Park Ragers. Sinabi din niya na kailangan din ang kooperasyon ng komunidad kung nais talagang pangalagaan ang kapaligiran dahil aniya ito talaga ang main goal dito. Dagdag pa niya na ang mga nasa kagubatan ay ang ating mga resources eh at kapag hindi ito pinangalagaan ay mga komnidad na nasa ibaba ang maaapektuhan nito pagdating ng panahon. Dagdag pa niya ay napakahirap mag-reforest dahil nnapakahirap magtanim sa bundok. Kinuwento niya na noong nakaraang pagpunta niya sa Lubang, dumaan sila sa Calavite at pumasok sila sa Mananao. Aniya, sobrang nalungkot siya dahil nakita niya na may mga parte ang Calavite na sira na at kalbo na. Aniya pa, alam naman ng lahat ang maaaring maging epekto nito kaya ang tanong niya ay hahayaan pa bang dumating tayo sa puntong iyon. Sinabi niya na kailangan talaga magkaroon ng isang adhikain ang lahat kung ano ba dapat ang gusto nating mangyari sa MCWS. Kaugnay nito ay hinikayat niya ang lahat na protektahan ito at magsama-sama sa adhikaing ito. Ayon pa sa kanya, siya mismo ay namangha dito sa Paluan. Aniya na mayroong “instruction “sa kanyang tanggapan na i-perimeter ang itaas ng Calawagan. Nagulat aniya siya na mayroon palang napakagandang “waterfalls” sa

itaas ng Calawagan at ito ay nakita noong kasagsagan ng tag araw at iyon pala aniya talaga ang “source” ng tubig ng Calawagan. Dagdag pa niya na kung hindi mapo-protektahan ang “watershed” malamang dadating ang panahon na magiging problema ito ng mga taga Paluan. Muli ay nakiusap at humiling siya ng kooperasyon sa lahat para sa pangangalaga ng mga kabundukan lalo na ang MCWS. Sinabi din niya na sana ay maiwasan na din ang “padrino system” at pakikisama at utang na loob, dahil aniya ang mga bagay na iyon ay ang sumisira kung ano man ang ating plano na nais mangyari sa bayan ng Paluan. Ayon pa kay CENRO Santos, naniniwala siya na kung ito ay aalisin ay makakaya ng protektahan ang ating kabundukan. Inihalintulad din niya ang ganitong isyu sa Palawan na lahat ng lalabag sa ipinagbabawal ay mananagot talaga sa batas at walang sinisino basta lumabag sa batas ay huhulihin kahit na malaki at kilala ka pang tao. Muli ay hinikayat niya ang lahat na maging “committed” at magkaroon ng iisang layunin upang mapangalagaan ang mga kabundukan at ang kalikasan at laging isipin na lahat ng ating gagawin ay hindi lang para sa atin kundi para sa mga kabataan at para sa kanilang mga kinabukasan. Sinabi din niya na naniniwala siya na ang Punong Bayan ng Paluan ay malaki ang puso para sa kapaligiran kaya nakiusap ito na tulungan ang DENR at makiisa sa hangarin para sa pangangalaga ng kapaligiran. Sinabi din niya na si PASu Francisco ay isang halimbawa ng isang tao na palaban, dahil ang kanyang puso ay hindi lamang dahil sa trabaho kundi kasama dito ang pagmamahal niya sa ating kalikasan.

Nagpasalamat naman si PAMB Toriana sa “inspiring message” mula kay CENRO Santos. Muli namang humingi ng pahintulot si PASu Francisco upang makapagsalita at agad naman siyang pinahintulutan ni PAMB Toriana. Ayon kay PASu Francisco kaugnay ng sinabi ni CENRO Santos tungkol sa pag-e-establish ng chokepoints kung saan ang mga PA Rangers ay magkakaroon ng “schedule of duty” ay nais niyang humingi ng assistance mula sa PNP lalo na kapag may mga “information from concerned citizens” na karaniwang gabi ang operasyon. Agad namang tumugon dito si PEMS Aoreano at sinabi na makakaasa ang PAMO ng tulong mula sa kanila. Sinabi din nito na ibibigay niya ang kanyang cellphone number kay PASu Francisco at kung sakali na kailangan nila ang back-up ay agad silang reresponde. Nagpasalamat naman si PASu Francisco sa inisyatibo ni PEMS Aoreano. Sinabi din niya na kung talagang magpo-focus ang PAMO sa panghuhuli gabi-gabi ay baka hindi lamang iyon ang kanilang mahuhuli, pero aniya, may mga “targets” din ang PAMO na kailangang matapos, kaya hiniling niya na sana ay palaging nandiyan ang suporta ng PNP upang sa panahong hindi kaya ng PAMO ang magbantay ay mayroon pa din nakabantay sa mga ilegalista. Sinang-ayunan naman ito ni PEMS Aoreano at sinabi na sila ay “very willing” na tumulong sa MCWS-PAMO. Dagdag pa ni PEMS Aoreano na kung may mga “personnel” na i-a-assign si PASu Franciscso na katutubo na bantay gubat na maari nilang makasama sa pagbabantay ay mayron naman silang kaunting pondo para sa kahit papaano ay may pang-kain at pang kape man lang sila habang nagbabantay. Muling nagpasalamat si PASu Francisco sa naging tugon ni PEMS Aoreano. Ayon naman kay PAMB Toriana, sila sa Barangay ay handa din namang tumulong, maganda nga aniya na madami ang magbantay para ang mga nag-i-ilegal ay mahuli at sinabi din niya na palagi din nakahanda ang kanilang mga tanod para umalalay. Kaugnay ng usaping ito, tinanong ni PASu Francisco kung ang board ba ay pumapayag na sila ay maglagay ng chokepoints. Ayon naman kay PAMB Toriana ay hindi maaaring makapag-desisyon ngayon ang Board dahil karamihan sa dumalo sa pagpupulong ngayon ay mga “representative” lamang. Dagdag pa niya ay baka ito ay maaring sa susunod na lamang na pagpupulong ng PAMB muling ihain nang sa ganoon ay magawan ito ng isang Resolusyon mula sa Board. Sumang-ayon naman ang lahat dito.

Sinabi ni PAMB Toriana na kung wala ng ibang tanong tungkol sa usapin ay maaari ng dumako sa panibagong usapin at ito ay ang presentasyon ng 1st Semester BMS report for CY 2023. Agad naman itong sinang-ayunan ng lahat.

C. Presentation of First Semester Biodiversity Monitoring System Report for CY 2023

Bago ganap na umpisahan ang presentasyon, nagbigay muna ng kaunting kaalaman si PASu Francsico tungkol sa Biodiversity Monitoring System (BMS). Pagkaraa'y inatasan niyang i-present ito ng kanyang "staff" sa Board upang mas lubos itong maipaliwanag sa mga nakadalo sa pagpupulong.

Ang presentasyon ay ginampanan ni EMS I John Benedict O. Perida. Nagpasalamat ito kay PASu Francisco sa binigay na pagkakataon upang ma-i-presenta sa "board" ang naging resulta ng kanilang isinagawang BMS para sa unang semester ng taong 2023. Bumati ito ng magandang umaga sa lahat at ipinakilala ang kanyang sarili. Sinabi niya na tulad ng nabanggit ni PASu Francisco ang BMS ay regular na ginagawa ng PAMO sa looban ng isang (1) taon. Isinasagawa aniya ito sa dalawang (2) "seasons; ang wet at dry seasons, at ang resulta ng "dry season" ang kaniyang ire-report sa ngayon. Sinabi niya na ang pagkakaroon ng mga datos na nakalap nila dito ay makakatulong sa PAMO at PAMB para magkaroon ng "better decisions" at para malaman din ang "trend" ng mga buhay ilang na nasa loob ng PA.

Sa umpisa ng kanyang presentasyon ay sinabi niya na ito ay isinagawa noong ika – 16 at 17 ng Pebrero 2023 at mayroon itong dalawang (2) lokasyon, ang "site 1" ay matatagpuan sa Sitio Ulasan at ang "site 2" nama ay sa Sitio Hinugasan. Sinabi niya na gumagamit ng apat (4) na "methods" ang PAMO sa pagsasagawa nito. Una, ang "Focus Group Discussion (FGD)" kung saan ay nagkaroon ng pag-uusap kasama ang mga kapatid na katutubo na miyembro ng CMG o ang tinatawag na "Community Monitoring Group" upang makakuha ng mga datos sa kanila at matanong din kung ano ang sitwasyon ng ating mga buhay-ilang sa loob ng PA lalo na ang mga "priority monitoring species". Pangalawang method naman ay ang Field Diary, sinabi niya na ang method na ito ang ginagamit ng mga PAMO staff lalo na ang mga Park Rangers na nagpapatrolya sa loob ng PA. Aniya, dito nila inilalagay ang mga regular na naobserbahan nilang mga buhay ilang sa loob ng PA. Ang ikatlong method naman ay ang Photo Documentation, sinabi niya na mayroonng apat (4) na "established points" kung saan kumukuha ng mga larawan upang maikumpara kung may mga pagbabago ba ito sa nakaraang pagmamanman. Ang ikapat at huling method ay ang Transect Walk, aniya ay mayroon ding "established" na dalawang 2-km transect walk routes para doon magmanman ng mga buhay ilang.

Ipinresenta din niya ang mga importanteng resulta at rekord sa apat na paraan ng pagmamanman. Sinabi niya na lahat naman ng buhay ilang ay mino-monitor nila ngunit mayroon silang nakalista na limang (5) "priority monitoring species" lamang. Ayon sa kanya na noong nakaraang FGD with CMG ay tinanong nila ang mga ito kung ano pa ba ang mga nakikita nilang buhay ilang sa loob PA. Ayon naman sa mga CMG, lahat ng limang (5) na priority monitoring species ay nakikita pa nila sa loob ng PA. Kaugnay nito ay mayroong "proposed actions" nang sa ganoon ay manatili pa din na makita mga monitoring species na ito. Una ay ang ipagpatuloy ang pagmamanman sa mga ito. Pangalawa ay ang magkaroon sa susunod na FGD ng mga larawan ng mga "monitoring species" na ipapakita sa ating mga CMG members nang

sa ganoon ay makita nila ito. Ang layunin nito ay upang masiguro na nakikita pa nga ang mga ito. Sinabi din niya ang mga “threats” o banta na nabanggit ng mga CMG. Isa dito ay ang patuloy na pagdami ng mga unggoy at baboy ramo na sumisira sa kanilang mga pananim. Isa sa naging rekomendasyon ng PAMO tungkol dito ay ang pagkakaroon ng pag-aaral tungkol dito at i-rehabilitate ang kanilang “habitat”. Ayon kay EMS Perida, naniniwala siya na kaya bumababa ang mga ito mula sa kanilang habitat ay dahil sa wala ng resources doon at maaring sira na or nagagambala na ang mga ito. Dagdag pa niya na kailangan din ma-educate ang mga komunidad partikular ang mga kapatid na katutubo na kahit nakakasira na ang mga ito sa kanilang mga pananim ay ipaala pa din natin ang importansya ng mga ito para sa balanseng “ecosystem”. Sinabi din niya na kailangan din na makipag-partner sa mga academe upang magkaroon ng pag-aaral tungkol dito. Kaugnay nito ang nagawa ng aksyon ng PAMO ay ang patuloy na pakikipag-partner sa Univerity of Sto. Thomas na kung saan ay nagsasagawa sila ng kanilang proyekto o ang “Project MATAPAT” na nag-aaral ng ibat ibang buhay ilang na makikita sa loob ng MCWS. Sunod po ay ang ating mga installed signages. Binanggit din niya ang isyu ng mga kasapi ng CMG na kung saan una ng napag-usapan ang tungkol sa damage na maaring dulot ng konstruksyon sa Sitio Ulasan na kung saan ay nasasakupan ng MCWS. Sinabi din niya ang naging “recommended action” ng PAMO dito ay ang pagbibigay ng sulat para kay G. Abelardo Pangilinan upang mahingian ng mga kaukulang dokumento at o permiso sa pagpapatayo ng istruktura sa nasabing lugar na nirekomenda naman ng PAMB. Dinagdag niya ang huling isyu na tinalakay sa FGD at ito ay ang posibleng pagkawala ng tubig na isyung nakalap mula sa mga kasapi ng CMG sa Sitio Hinugasan. Aniya, ayon sa mga CMG, nagkaroon ng pagbaba at pagunti ng daloy ng tubig sa kanilang lugar. Sinabi din niya na hindi naman lingid sa kaalaman ng lahat na isa ito sa numero unong epekto ng pagpuputol nng mga kahoy sa mga kabundukan. Sinabi din niya na ang recommended action ng PAMO sa usapin ay ang istriktong pagmamanman ng mga ilegal na gawain sa loob ng PA.

Ipinakita din ni G. Perida ang mga larawan nila habang isinasagawa ang BMS sa dalawang Sitio. Ipinakita din niya ang mga ng ipinagkumparang larawan noong nakaraang taon at ngayong taon. Ayon sa kanya sa apat (4) na site ay halos lahat walang ipinagbago maliban sa site 1 na kumapara noong nakaraang taon, may ilang parte na ngayon na wala na dahil ayon sa CMG ay ito ang kanilang ginagamit upang pagtaniman. Ayon pa kay G. Perida, wala namang mga puno na nawala dito at ito ay nilinis lamang. Ang sunod nyang tinalakay ay ang resulta ng “transect walk”. Sinabi niya na sa limang (5) monitoring species ay ang “red jungle fowl” o labuyo lamang ang kanilang nakita habang isinasagawa nila ang transect walk pero dagdag niya na “visible” naman ang mga bakas ng mga baboy ramo o ang simaron na nangangahulugan na may populasyon pa ng mga ito sa MCWS. Sinabi din niya na marahil ay hindi pa din ganoong kapacitated ang PAMO staff sa pagsasagawa ng BMS, kung kaya ang iba ay hindi din nakita. Kaugnay nito, sinabi niya na sana ay mas masanay pa ang mga “PAMO staff” tungkol dito nang sa ganoon ay mas maging komprehensibo ang mga datos na nakukuha ng PAMO. Ipinakita din niya ang naging kabuoang konklusyon sa ginawang Biodiversity Monitoring System sa MCWS. *(Tingnan ang kabuuan ng presentasyon sa Annex D).*

Nagpasalamat si PAMB Toriana sa naging presentasyon ni G. Perida, kaugnay nito ay tinanong niya ang Board kung wala bang nais itanong o iklaro sa naging presentasyon. Humingi naman ng pahintulot si PASu Francisco upang makapagsalita at agad naman siyang pinahintulutan ni PAMB Toriana. Sinabi ni PASu Francisco na

sana ay naging malinaw sa lahat ang presentasyon at kaugnay nito ay sinabi din niya na dapat ang BAMS report ay kanila na ding ipi-presenta pero dahil mayroon pa silang gagawing flora assessment at kulang pa sila ng fauna assessment para sa “wet season” ay sa last quarter na lamang na PAMB meeting nila ito mai-presenta.

6. Other Matters

Bago ganap na tapusin ang pagpupulong ay hiniling ni PAMB Toriana sa Board at kay PASu Francisco na kung maaari ay isama sa usapin sa pagpupulong na iyon ang tungkol sa kanyang gustong isulong na proyekto na pagkakaroon ng pampublikong palikuran sa Agbokbok falls. Agad naman itong pinahintulan ng Board. Ayon kay PAMB Toriana siya ay nagpaalam na sana kay PASu Francisco pero ang naging tugon nito ay dapat na ihingi ito ng approval sa Board. Sinabi ni PAMB Toriana na sa Agbokbok falls ay wala man lang palikuran at dahil ang Barangay ay may nakalaan na budget para ditto, ihihingi sana niya ng permiso sa PAMB upang malagyan ito ng pampublikong palikuran. Aniya, sayang naman ang pondo kung ito ay hindi gagawin. Ayon din naman sa kanya, alam niyang kulang ang mga tunay na miyembro ng Board kaya imposible na ito ay maaprubahan sa pagpupulong na iyon. Kaugnay naman nito ay humingi ng pahintulot si PASu Francisco upang makapagsalita at agad naman siyang pinahintulutan ni PAMB Toriana. Ayon sa kanya na naiintindihan naman niya si PAMB Toriana tungkol ditto, kaya lamang ay dahil ang karamihan sa mga dumalo ay mga representative lamang ay wala silang voting powers kung sakaling ito ay mapag-usapan na. Pero dahil aniya ang usaping ito ay inihain na ni PAMB Toriana ay maaari naman itong pag-usapan na din nang sa ganoon ay magkaroon na ng kaunting “background” tungkol dito at kapag tinalakay na ito sa susunod na pagpupulong. Hiniling din ni PASu Francisco na dapat ay mayroong pormal na presentasyon ito upang ito ay matalakay sa PAMB, dahil aniya alam naman ng lahat na may mga panuntunan pagdating sa mga pagpapatayo ng mga istruktura sa loob ng PA. Ayon pa kay PASu Francisco na kung may plano din ang Baranggay na mangolekta ng bayad sa pag gamit nito ay dapat talagang mapagusapan ito sa Board. Sinabi din niya na dapat ay mayroon itong plano na maipapakita sa PAMB. Humingi naman ng pahintulot si G. Quiñones upang makapagsalita ata agad naman siyang pinahintulutan ni PAMB Toriana. Ayon sa kanya isa sa dapat na ma-secure ni PAMB Toriana bago ito magpatayo ng pampublikong palikuran dito ay isang resolusyon o kasunduan sa pagitan ng mga residente ng Sitio Pinagbayanan at ng Barangay. Dagdag pa niya, base sa kanilang naging karansan ang mga kapatid nating katutubo sa Sitio Pinagbayanan ay hindi basta-bastang pumapayag sa mga ganoong gawain at proyekto. Sumang-ayon naman dito si PASu Francisco. Kaugnay naman ng usapang Agbokbok falls, ayon kay G. Quiñones, noong dumaan siya at ang kanyang mga staff sa Agbokbok falls noong isang Linggo para ito ay silipin ay natuwa siya na kahit sa ginta ng tag araw ay malakas pa din ang tubig nito ngunit siya ay nalulungkot dahil sa dami ng nakita nilang basura doon , kung kaya’t minabuti na rin nilang maglinis doon. Binanggit din ni PASu Francisco na nakakalungkot din na noong nagpalipad sila ng drone ay nakita nila na may mga kaingin na pala sa itaas ng Agbokbok falls.

Dagdag pa ni PASu Francisco na kung maglalagay ng palikuran doon ay dapat mayroon itong plano at dapat ikonsidera natin ang magiging epekto nito sa mga nakapaligid at lalo’t higit sa kwalidad ng tubig ng falls at sa dagat dahil aniya malapit din ito sa dagat. Binanggit din ni PASu Francisco na kung nakadalo sa pagpupulong si PAMB Diamante, malamang ay hihingi ito ng detalyadong plano tungkol dito. Humingi naman ng pahintulot si PAMB Malibiran upang makapagsalita at agad


naman siyang pinahintulutan. Ayon sa kanya ay nais lamang niyang magbigay ng ideya tungkol sa magiging tangke kung sakaling matuloy itong proyekto na ito. Ayon sa kanya ay mayroong research na ginawa ang Adamson University at aniya mayroong tinatawag na "ECOSEP" o iyong Eco-friendly septic tank. Sinabi niya na baka maaari itong ikonsidera dahil nagagamit na ito sa ibang sa lugar at hinalimbawa niya na sa Romblon ay nagagamit na ito. Sa huli, sinabi niya na kung sakaling maging interesado sila tungkol dito ay ipapadala niya "via email" ang ang buong nito pagbalik niya sa kanilang tanggapan. Nagpasalamat naman si PASu Francisco kay PAMB Malibiran.

Ayon naman kay PAMB Toriana na kaya siya lumapit na sa PAMB dahil ang proyektong iyon ay inabot na ng dalawang taon at nare-align na din ang pondo nito. Sinabi naman ni PASu Francisco na hindi siya ang magdedesisyon dito dahil ang Board parin ang magdedesisyon tungkol sa nasabing usapin. Ayon naman kay PAMB Toriana ay pagagawan niya ito ng "program of works" at maguumpisa na sila sa pagkumpleto ng mga kailangang "requirements". Sinabi naman ni PASu Francisco na ang PAMO ay handa silang tulungan para ma-guide sila kung ano ang mga proseso para mai-presenta ito at mapag-usapan na sa PAMB. Nagpasalamat naman dito si PAMB Toriana


7. Pagtatapos ng pagpupulong

Ang pagpupulong ay natapos sa ganap na ika - 4:06 ng hapon, sa mungkahi ni G. Salazar PPDO Representative, na pinangalawahan ni PAMB Bariso Cubil at idineklara ni PAMB Toriana na tapos na ang pagpupulong sa kadahilanang wala ng iba pang paksang pag-uusapan.

Inihanda ni:


MA. CECILIA M. ABEJAR
Tagatala ng PAMB
Office Support Staff ©
MCWS-PAMO

Pinatotohanang Wasto/Pinagtutibay:


MENARDO T. TORIANA
Punong Tagapangulo

Sinuri at pinatutunayan:


ARLENE V. FRANCISCO
Punong Tagatala
Protected Area Superintendent
Mt. Calavite Wildlife Sanctuary

Napag-alaman:

LORMELYN E. CLAUDIO, CESO IV
Ang Punong-Konseho ng PAMB
The Regional Executive Director
DENR MIMAROPA Region

Figure 1



The members of the PAMB with PAMO Staff, as secretariat, and guests. The meeting was presided by Mr. Menardo T. Toriana, Punong Barangay of Barangay Harrison, Paluan Occidental Mindoro



Figure 1. Photos taken during the meeting of the Protected Area Management Board (PAMB) of Mt. Calavite Wildlife Sanctuary (MCWS) held on May 10, 2023 at MCWS Ranger Station, Sitio Ulasan, Brgy. Harrison, Paluan, Occidental Mindoro



Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (PAMB)
MT. CALAVITE WILDLIFE SANCTUARY
Paluan, Occidental Mindoro

Annex A

Name of Protected Area : **Mt. Calavite Wildlife Sanctuary**
Location of Protected Area : Paluan, Occidental Mindoro
Type of Meeting : Regular Meeting, PAMB
Date of Meeting : May 10, 2023 (Wednesday)
Venue : MCWS-PAMO, Ranger Station, Brgy. Harrison
Paluan, Occidental Mindoro

ATTENDANCE OF PAMB MEETING

NAME		POSITION/REPRESENTATION
PAMB Members:		
1.	Mr. Arnold O. Dueñas	Municipal Environment Officer, LGU Paluan, Occidental Mindoro
2.	Mr. Menardo T. Toriana	Brgy. Captain, Harrison, Paluan, Occidental Mindoro
3.	Mr. Domingo A. Tamayo, Jr.	Brgy. Captain, Alipaoy, Paluan, Occidental Mindoro
4.	Mr. Glester C. Malipiran	DOST, RED MIMAROPA Representative
5.	Mr. Reuben James C. Salazar	Governor, Representative, PPDO/PPDC
6.	Mr. Rodel J. Aoriano	PEMS, PNP, Representative
7.	Ms. Mary Rose F. Redoble	Congressman, Representative
8.	Dr. Josue C. Delfin	Campus Director, Occidental Mindoro State College, (Via Zoom)
9.	Mr. Peling Villanueva	Chieftain, IP Representative, Sitio Hinugasan, Paluan Occidental Mindoro
10.	Mr. Bariso Cubil	Chieftain, IP Representative, Sitio Ulasan, Paluan Occidental Mindoro
11.	Ms. Mary Ann Aceveda	Office of the Civil Defence, Representative (via Zoom)
12.	Ms. Cj Bantiling	MBCFI, Representative (Via Zoom)
13.	Ms. Maria Melissa L. Endangan	CDD, Representative (Via Zoom)
14.	Ms. Mary Ann Aceveda	OCD MIMAROPA (Via Zoom)
15.	Mr. Ruther John Collong	National Economic Development Authority NEDA, Representative (via Zoom)
Secretariat/MCWS PAMO Staff		
16.	Ms. Arlene V. Francisco	Planning Office III/ PASu, MCWS PAMO, CENRO Sby.
18.	Ms. Marites M. Castillo	Forest Ranger/ SCDO, MCWS PAMO, CENRO Sby.
18.	Mr. Jolly O. Mancilla	Forest Ranger. MCWS PAMO, CENRO Sby.
19.	Ms. Ma. Cecilia M. Abejar	Information Officer©, MCWS PAMO, CENRO Sby.
20.	Mr. John Benedick O. Perida	EMS I©, MCWS PAMO, CENRO Sby.
21.	Mr. Edward D. Jovenal	Park Ranger©, MCWS PAMO, CENRO Sby.
22.	Mr. Omar Christopher T. Villas	Park Ranger©, MCWS PAMO, CENRO Sby.
23.	Mr. Engelbert D. Cababay	Park Ranger©, MCWS PAMO, CENRO Sby.
24.	Mr. Mark Lester P. De Lara	Park Ranger©, MCWS PAMO, CENRO Sby.
25.	Mr. Jacinto Gedaca	Park Ranger©, MCWS PAMO, CENRO Sby.

26.	Mr. Russel A. De Lara	Park Ranger©, MCWS PAMO, CENRO Sby.
27.	Ms. Joinas D. Legaspi	Park Ranger©, MCWS PAMO, CENRO Sby.
Guest		
28.	Mr. Anthony Morales	PLT, PNP, Paluan, Occidental Mindoro
29.	Mr. Dennis M. Cajayon	MENRO, Mamburao, Occidental Mindoro
30.	Mr. Ireneo Cortuna	ENRO, Occidental Mindoro
31.	Mr. Michael A. Jordan	PFC, ENRO, Occidental Mindoro
32.	Ms. Danielle Joy Sumalanggay	MGB, Occidental Mindoro
33.	Mr. Victor John Quiñones	Tourism Officer, LGU Paluan
34.	Ms. Jebiela Carla Petalcorin	MGB, Occidental Mindoro
35.	Mr. Edwin D. Sansano	PG, ENRO, Occidental Mindoro
36.	Mr. Ellie Nuñez	Forester II, PENRO Occidental, Representative
37.	Mr. Elmer Malayo	Sangguniang Bayan Member, LGU Paluan
38.	Mr. Jose Cubil	Sitio Ulasan, Brgy. Harrison, Paluan, Occidental Mindoro
39.	Mr. Anastacio A. Santos	CENR Officer, Sablayan, Occidental Mindoro
40.	Mr. Antonio Ungria, Sr.	Forest Ranger, CENRO Sablayan, Occidental Mindoro
41.	Ms. Ma. Menchie Quiñones	CENRO Sablayan, Occidental Mindoro

Prepared by:

Certified Correct:


MA. CECILIA M. ABEJAR
 PAMB Secretariat
 Information Officer©


ARLENE V. FRANCISCO
 Head, PAMB Secretariat
 Planning Officer III/PASu



Republic of the Philippines

Department of Environment and Natural Resources

MIMAROPA Region

COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE

MT. CALAVITE WILDLIFE SANCTUARY

PROTECTED AREA MANAGEMENT OFFICE

Annex B

PAMB REGULAR MEETING


MCWS Ranger Station So. Ulasan, Brgy. Harrison, Paluan, Occidental Mindoro

May 10, 2023 (WEDNESDAY), 9:00 A.M.

A. ORDER OF BUSINESS

ITEMS	PRESENTER / DISCUSSANT
A. Preliminaries	
1. Invocation	PAMB Member
2. Pambansang Awit ng Pilipinas	AVP
3. Welcome Remarks	Honorable Michael O. Diaz, Municipal Mayor
4. Introduction of Members / Resource Persons / Guests	PASu Arlene V. Francisco
5. Inspirational Message	Hon. Michael O. Diaz/Representative

ITEMS	PRESENTER / DISCUSSANT	DOCUMENTS	Action to be Taken
B. Meeting Proper			
1. Roll Call & Proof of Quorum	PASu Arlene V. Francisco	Attendance Sheet	For declaration of quorum
2. Call to Order	PAMB Chairperson		
3. Approval of the Order of Business	PAMB	Order of Business	For approval
4. Reading and approval of the minutes of previous meeting	Secretariat / PAMB	Minutes of Meeting on February 15, 2023	For approval
5. Matters arising from the minutes of the previous meeting	PASu Arlene V. Francisco / PAMB	Status Report / Updates	For information
C. ORDER OF BUSINESS			
a. Existing Commercial Sand and Gravel at Gayamat River	PASu Arlene V. Francisco		For approval
b. Establishment of checkpoints as law enforcement activity of MCWS-PAMO	PASu Arlene V. Francisco / PAMB		For approval
c. Presentation of first semester BMS report for CY 2023	PASu Arlene V. Francisco	Copy of presentation	For information
D. Other Matters			
E. Adjournment			





- Legend:
- Approved Area for Commercial Sand and Gravel of Mr. Edwin Raci
 - Extent of extraction of Mr. Edwin Raci
 - Points where geotagged photos were taken







Left photo: Drone shot image taken on April 12, 2023

Right photo: Satellite image of the area in 2018



IMPORTANT OBSERVATIONS Focus Group Discussion			
BMS Method	Species or Resource Use (only 2-4 most important)	Change Observed and Reason (pls. indicate municipality)	Proposed Action
Focus Group Discussion	1. Mindoro Tarictic Hornbill (<i>Penelopides mindorensis</i>) 2. Mindoro Warty-Pig (<i>Sus oliveri</i>) 3. Red Jungle fowl (<i>Gallus gallus</i>) 4. Long-tailed Macaque (<i>Macaca fascicularis</i>) 5. Mindoro Imperial Pigeon (<i>Ducula mindorensis</i>)	These important, endemic and threatened species of wildlife were observed and monitored by the Community Monitoring Group (CMG) members throughout the months prior to the conduct of the FDG. The presence of these species was always reported by the CMG members in the conduct of FDG's.	Continue monitor these species and document and mapped-out their habitat and refuge. It is also recommended to prepare a picture or visuals of the priority monitoring species to show during the FGD, for the CMG's easy identification.



ISSUES RAISED & PROPOSED MANAGEMENT INTERVENTION

ISSUE #2

Potential damages brought by constructions. On-going Construction of Structures within MCWS.

RECOMMENDED MANAGEMENT ACTION

The IP community of So. Ulasan, sent a letter to the PAMB of MCWS through the PASu requesting to investigate the on-going construction within the protected area. The said concern was discussed during the first quarter PAMB meeting for CY 2023. The PAMB arrived with the decision to serve a letter signed by the Regional Executive Director to the concern individual to present legal documents supporting their construction.

ACTION TAKEN

The PAMB instructed the PASu to prepare letter to be served to Mr. Abelardo S. Pangilinan for signature of the PAMB Chairperson.

ISSUES RAISED & PROPOSED MANAGEMENT INTERVENTION

ISSUE #3

Possible loss of water source. Limited source of water especially during summer season.

RECOMMENDED MANAGEMENT ACTION

Stricter monitoring of illegal activities within the PA, in order to prevent the poachers from doing such activities. Moreover, replanting of native species of trees that is great in withholding water is recommended.

ACTION TAKEN

Conducted several IEC activities reiterating the importance of conservation of forest and biodiversity, as well as the importance of trees and its functions in preventing water loss.

IMPORTANT OBSERVATIONS

Focus Group Discussion

FGD with Community Monitoring Groups (CMG's) of So. Ulasan, Brgy. Harrison, Paluan, Occidental Mindoro



FGD with Community Monitoring Groups (CMG's) of So. Hinugasan, Brgy. Harrison, Paluan, Occidental Mindoro




IMPORTANT OBSERVATIONS

Field Diary

BMS Method	Species or Resource Use (only 2-4 most important)	Change Observed and Reason (pls. indicate municipality)	Proposed Action
Field Diary (Semestral Consolidation)	1. Mindoro Tarictic Hornbill (<i>Penelopides mindorensis</i>) 2. Mindoro Warty-Pig (<i>Sus oliveri</i>) 3. Red Jungle fowl (<i>Gallus gallus</i>) 4. Long-tailed Macaque (<i>Macaca fascicularis</i>) 5. Mindoro Imperial Pigeon (<i>Ducula mindorensis</i>)	Records of the priority monitoring species showed a decrease in number particularly the Mindoro Warty Pig, Red Jungle fowl, and Long-tailed Macaque. In contrast, the Mindoro Tarictic Hornbill and Mindoro Imperial Pigeon where the only two that showed an increase.	Continue monitoring of wildlife species in the PA, with more focus on these priority monitoring species to gather enough data in understanding the reason on the decrease and increase of these species through the years.

IMPORTANT OBSERVATIONS

Field Diary



Species	1st Semester CY 2022	1st Semester CY 2023
Mindoro Tarictic Hornbill	10	18
Mindoro Warty Pig	2	1
Red Jungle fowl	40	12
Long-tailed Macaque	38	22
Mindoro Imperial Pigeon	0	35

IMPORTANT OBSERVATIONS

Photo Documentation

BMS Method	Species or Resource Use (only 2-4 most important)	Change Observed and Reason (pls. indicate municipality)	Proposed Action
Photo Documentation		There is no such significant change observed in the photos of the three (3) viewpoints or view angles (BMS 1-3 BS, BMS 2-2 BA and BMS 2-1 MC) taken in the monitoring conducted this 1 st Semester of 2023, as compared to the photos taken in the monitoring conducted in the 1 st Semester of 2022. Only photo of the viewpoint or view angle in BMS 1-1 BS is the only one that shows changes with the evident clearings of the weeds and shrubs in the area.	Continue monitoring this area using Photo Documentation and Field Diary Methods for the possible expansion and encroachment of the existing farmland to the forested areas. If possible, establish additional photo sites in these areas

IMPORTANT OBSERVATIONS
Photo Documentation

Photo Site Name: Balacone Sub-watershed (BMS 1-1 BS) with photos taken during the 1st Semester CY 2023 (right) and 1st Semester CY 2022 (left) Biodiversity Monitoring.

IMPORTANT OBSERVATIONS
Photo Documentation

Photo Site Name: Balacone Sub-watershed (BMS 1-3 BS) with photos taken during the 1st Semester CY 2023 (right) and 1st Semester CY 2022 (left) Biodiversity Monitoring.

IMPORTANT OBSERVATIONS
Photo Documentation

Photo Site Name: Matimon Creek (BMS 2-1 MC) with photos taken during the 1st Semester CY 2023 (right) and 1st Semester CY 2022 (left) Biodiversity Monitoring.

IMPORTANT OBSERVATIONS
Photo Documentation

Photo Site Name: Binagyuhan Area (BMS 2-2 BA) with photos taken during the 1st Semester CY 2023 (right) and 1st Semester CY 2022 (left) Biodiversity Monitoring.

IMPORTANT OBSERVATIONS
Transect Walk

BMS Method	Species or Resource Use (only 2-4 most important)	Change Observed and Reason (pls. indicate municipality)	Proposed Action
Transect Walk	- Red-jungle fowl (<i>Gallus gallus</i>) - Mindoro Tarsic Hombill (<i>Penelopides mindorensis</i>) - Long-tailed Macaque (<i>Macaca fascicularis</i>) - Mindoro Warty-pig (<i>Sus oliveri</i>) - Mindoro Imperial Pigeon (<i>Ducula mindorensis</i>)	Out of five priority monitoring species, only Red-jungle fowl was observed during the monitoring for 1st semester 2023. Moreover, it was only recorded at Site 2 in So. Hinugasan. However, although there were no recorded priority monitoring species at Site 1 in So. Ulasan, traces and marks made by Mindoro Warty-pig were observed. The reasons may be due to the following: - Disturbance of their habitat. - Capability of the observer in the conduct of monitoring. - Possible movement of the priority monitoring species on the different part of the PA due to the limitation of food resources in the area of the	Continue monitoring of these species and enhance habitat and wildlife protection. Capacitate the PAMO staff in the conduct of biodiversity monitoring.

IMPORTANT OBSERVATIONS
Transect Walk

No.	Priority Monitoring Species Recorded	Scientific Name	Number of Individuals Recorded		
			Avg.	1 st Sem. CY 2022	1 st Sem. CY 2023
1	Mindoro Tarsic Hombill	<i>Penelopides mindorensis</i>	2	3	0
2	Mindoro Warty Pig	<i>Sus oliveri</i>	2	4	0
3	Red Jungle fowl	<i>Gallus gallus</i>	3	0	5
4	Long-tailed Macaque	<i>Macaca fascicularis</i>	3	6	0
5	Mindoro Imperial Pigeon	<i>Ducula mindorensis</i>	5	10	0
Total Number of Individuals			14	23	5

Red Jungle fowl
Gallus gallus

IMPORTANT OBSERVATIONS

Transect Walk

Transect walk monitoring in the established BMS Site 1 at So. Ulasan, Brgy. Harrison, Paluan, Occidental Mindoro



Transect walk monitoring in the established BMS Site 2 at So. Hinugasan, Brgy. Harrison, Paluan, Occidental Mindoro



CONCLUSION

- #1** The highest number of individuals observed in the 1st semester monitoring for CY 2023 is the Philippine Bulbul (*Hypsipetes philippinus*).
- #2** Focus group discussion and field diary methods recorded the presence of all the priority monitoring species.
- #3** Transect walk method only recorded the presence of Red junglefowl (*Gallus gallus*) out of the five (5) priority monitoring species for the 1st semester for CY 2023.

RECOMMENDATION

- #1** Get more members of the Community Monitoring Group both in the established BMS sites be more involve in the conduct of Focus Group Discussion by providing incentive as reward for their active participation.
- #2** Build a good partnership/relationship with local communities especially the IP's for the effective implementation of programs/activities in the protected area.
- #3** Aside from the regular target of the PAMO in hiring Park Rangers, tapped the LGU of Paluan in hiring of additional Park Rangers (as their counterpart), who will conduct regular biodiversity monitoring and foot patrolling within MCWS.
- #4** Capacitate the PAMO Staff in biodiversity monitoring specifically in the identification of flora and fauna.



Republic of the Philippines

Department of Environment and Natural Resources

MIMAROPA Region

COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE

MT. CALAVITE WILDLIFE SANCTUARY

PROTECTED AREA MANAGEMENT OFFICE

PAMB-MCWS:

LORMELYN E. CLAUDIO, CESO IV
Regional Executive Director, DENR MIMAROPA
PAMB Chairperson

CONG. LEODY F. TARRIELA
Lone District of Occidental Mindoro
Represented by: Mr. Zernan Toledo

GOV. EDUARDO B. GADIANO
Represented by Mr. Anthony A. Dantis
Provincial Government of Occidental Mindoro

MAYOR MICHAEL O. DIAZ
Represented by Mr. Elorde B. Marasigan
Local Government Unit of Paluan, Occidental Mindoro

HON. DOMINGO A. TAMAYO, JR.
Punong Barangay
Alipaoy, Paluan, Occidental Mindoro

HON. MENARDO T. TORIANA
Punong Barangay
Harrison, Paluan, Occidental Mindoro

HON. ALLAN M. MULINGBAYAN
Punong Barangay
Mananao, Paluan, Occidental Mindoro

AGUSTIN C. MENDOZA
OIC, Regional Director
National Economic Development Authority
Represented by Ms. Maribel A. Bernardo
MIMAROPA Region

APOLONIA MARIE GRACE C. DIAMANTE
Executive Director, Mindoro Biodiversity Conservation
Foundation, Inc. MBCFI / NGO

JOSUE C. DELFIN Ph.D
Campus Director
Occidental Mindoro State University
Mamburao, Occidental Mindoro

PB Gen. SIDNEY S. HERNIA
Police Regional Director (PRD) MIMAROPA
PLt. DENNIS C. TARIGA
PNP Representative Paluan Occidental Mindoro

DR. MA. JOSEFINA P. ABILAY
Regional Director DOST MIMAROPA
Represented by Engr. Gletser Malibiran

B. GEN. RUBEN L. CARANDANG PAF
Director II/ Regional Director DND MIMAROPA
Represented by Mary An Aceveda

ANTONIO GERUNDIO, Ph.D., CESO III
Regional Director
Department Of Agriculture
MIMAROPA Region

MR. PILING VILLANUEVA
Punong Balayan
Barangay Harrison, Paluan, Occidental Mindoro

HALAW MULA SA KATITIKAN NG 2ND REGULAR NA PAGPUPULONG NG PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD NG MT. CALAVITE WILDLIFE SANCTUARY NA GINANAP NOONG IKA-10 NG MAYO TAONG 2023, SA MCWS RANGER STATION, SITIO ULASAN, BRGY. HARRISON, BAYAN NG PALUAN, KANLURANG MINDORO.

KAPASIYAHAN BLG. 2023-002, SERYE NG 2023

(RESOLUTION NO. 2023-002, SERIES OF 2023)

KAPASYAHANG NAGPAPAHAYAG NA MAIPAKANSELA ANG ENVIRONMENTAL COMPLIANCE CERTIFICATE (ECC-OL-R4B-2018-0125) PARA SA COMMERCIAL SAND AND GRAVEL EXTRACTION NI GINOONG EDWIN RACI AT MAIPATIGIL ANG OPERASYON NITO SA LOOB NG MT. CALAVITE WILDLIFE SANCTUARY (MCWS)

SAPAGKAT, ang “extraction” ay nakita ng mga Park Rangers habang nagsasagawa ang mga ito ng pagpapatrolya sa loob ng pinangangalagaang pook;

SAPAGKAT, noong ika-21 ng Marso taong kasalukuyan, nagsadya ang ilan sa katutubong Iraya na nakatira sa Sitio Ulasan, Brgy. Harrison, Paluan, Occidental upang ipagbigay alam sa PAMO ang isinasagawang “extraction”;

SAPAGKAT, bilang pagtugon, ang mga Park Rangers ng MCWS ay nagtungo sa lugar upang magsagawa ng inisyal na inspeksyon at inisyal na pagtatanong sa mga nagtatrabaho doon;

SAPAGKAT, napag-alaman na di umano’y may permiso ito upang magsagawa ng Commercial Sand and Gravel (CSAG) na nakapangalan kay Ginoong Edwin Raci;

SAPAGKAT, napag-alaman din na ang lugar na pinaglalagakan ng mga nakuhang buhangin, bato at graba ay pagmamay-ari umano ni Ginoong Danny Trillana;

SAPAGKAT, nakumpirma din ng mga Park Rangers na pasok sa loob ng pinangangalagaang pook ang lugar ng “extraction”, kung kaya’t

1 /



Republic of the Philippines

Department of Environment and Natural Resources

MIMAROPA Region

COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE

MT. CALAVITE WILDLIFE SANCTUARY

PROTECTED AREA MANAGEMENT OFFICE

PAMB-MCWS:

LORMELYN E. CLAUDIO, CESO IV
Regional Executive Director, DENR MIMAROPA
PAMB Chairperson

CONG. LEODY F. TARRIELA
Lone District of Occidental Mindoro
Represented by: Mr. Zernan Toledo

GOV. EDUARDO B. GADIANO
Represented by Mr. Anthony A. Dantis
Provincial Government of Occidental Mindoro

MAYOR MICHAEL O. DIAZ
Local Government Unit of Paluan, Occidental Mindoro

HON. DOMINGO A. TAMAYO, JR.
Punong Barangay
Alipaoy, Paluan, Occidental Mindoro

HON. MENARDO T. TORIANA
Punong Barangay
Harrison, Paluan, Occidental Mindoro

HON. ALLAN M. MULINGBAYAN
Punong Barangay
Mananao, Paluan, Occidental Mindoro

AGUSTIN C. MENDOZA
OIC, Regional Director
National Economic Development Authority
Represented by Ms. Maribel A. Bernardo
MIMAROPA Region

APOLONIA MARIE GRACE C. DIAMANTE
Executive Director, Mindoro Biodiversity Conservation
Foundation, Inc. MBCFI/NGO

JOSUE C. DELFIN Ph.D.
Campus Director
Occidental Mindoro State University
Mamburao, Occidental Mindoro

PB Gen. SIDNEY S. HERNIA
Police Regional Director (PRD) MIMAROPA
PLt. DENNIS C. TARIGA
PNP Representative Paluan Occidental Mindoro

DR. MA. JOSEFINA P. ABILAY
Regional Director DOST MIMAROPA
Represented by Engr. Gletser Malibiran

B. GEN. RUBEN L. CARANDANG PAF
Director II/ Regional Director DND MIMAROPA
Represented by Mary Ann Aceveda

ANTONIO GERUNDIO, Ph.D., CESO III
Regional Director
Department Of Agriculture
MIMAROPA Region

MR. PILING VILLANUEVA
Punong Balayan
Barangay Harrison, Paluan, Occidental Mindoro

pinakiusapan ang mga nagtatrabaho doon na pansamantalang itigil muna ang operasyon;

SAPAGKAT, hindi sila pumayag na itigil ang operasyon at sinabi na hihintayin nila ang utos na mula sa ENRO bago tumigil sa nasabing operasyon;

SAPAGKAT, ipinagbigay alam ni PASu Arlene V. Francisco sa tanggapan ng Environment and Natural Resources Office (ENRO) ang nasabing isyu at hiniling na sumama sila sa pagsasagawa ng inspeksyon sa lugar ng “extraction”;

SAPAGKAT, noong March 23, 2023 nagpakita ng mga dokumento ang mga kinatawan ng ENRO para sa Commercial Sand and Gravel ni Ginoong Raci;

SAPAGKAT, sa parehong araw, nagsagawa ng inisyal na inspeksyon ang PAMO kasama ang mga kinatawan mula sa ENRO sa lawak ng nasasakupan ng nasabing “extraction” at napag-alaman na ang malaking bahagi nito ay pasok sa loob ng pinangangalagaang pook

SAPAGKAT, sumulat ang PAMO kay Kgg. Gobernador Eduardo B. Gadiano na naka-“attention” kay ENRO Ireneo M. Cortuna para ipagbigay-alam ang naturang usapin at hiniling na pansamantalang ipatigil ang operasyon nito sa loob ng MCWS”;

SAPAGKAT, noong ika-10 ng Mayo taong kasalukuyan, nagsagawa ang PAMB ng ikalawang pagpupulong nito at isa ang nasabing usapin sa naging agenda nito;

SAPAGKAT, naimbitahan sa nasabing pagpupulong si ENRO Ireneo M. Cortuna at Bb. Jebiela Carla Petalcorin, ang embedded personnel ng Mines and Geosciences Bureau (MGB) upang maipaliwanag at mai-presenta ang” updates” sa usapin patungkol sa CSAG ni G. Edwin Raci;

SAPAGKAT, prenisenta ni Bb. Petalcorin ang resulta ng kaniyang isinagawang inspeksyon noong ika-12 ng Abril taong kasalukuyan at maliwanag na lumagpas sa itinakdang “quarry site” si G. Raci na kung saan pumasok na ito sa loob ng MCWS;



Republic of the Philippines

Department of Environment and Natural Resources

MIMAROPA Region

COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE

MT. CALAVITE WILDLIFE SANCTUARY

PROTECTED AREA MANAGEMENT OFFICE

PAMB-MCWS:

LORMELYN E. CLAUDIO, CESO IV
Regional Executive Director, DENR MIMAROPA
PAMB Chairperson

CONG. LEODY F. TARRIELA
Lone District of Occidental Mindoro
Represented by: Mr. Zernan Toledo

GOV. EDUARDO B. GADIANO
Represented by Mr. Anthony A. Dantis
Provincial Government of Occidental Mindoro

MAYOR MICHAEL O. DIAZ
Local Government Unit of Paluan, Occidental Mindoro

HON. DOMINGO A. TAMAYO, JR.
Punong Barangay
Alipaoy, Paluan, Occidental Mindoro

HON. MENARDO T. TORIANA
Punong Barangay
Harrison, Paluan, Occidental Mindoro

HON. ALLAN M. MULINGBAYAN
Punong Barangay
Mananao, Paluan, Occidental Mindoro

AGUSTIN C. MENDOZA
OIC, Regional Director
National Economic Development Authority
Represented by Ms. Maribel A. Bernardo
MIMAROPA Region

APOLONIA MARIE GRACE C. DIAMANTE
Executive Director, Mindoro Biodiversity Conservation
Foundation, Inc. MBCFI/NGO

JOSUE C. DELFIN Ph.D
Campus Director
Occidental Mindoro State University
Mamburao, Occidental Mindoro

PB Gen. SIDNEY S. HERNIA
Police Regional Director (PRD) MIMAROPA
PLt. DENNIS C. TARIGA
PNP Representative Paluan Occidental Mindoro

DR. MA. JOSEFINA P. ABILAY
Regional Director DOST MIMAROPA
Represented by Engr. Gletser Malibiran

B. GEN. RUBEN L. CARANDANG PAF
Director II/ Regional Director DND MIMAROPA
Represented by Mary Ann Aceveda

ANTONIO GERUNDIO, Ph.D., CESO III
Regional Director
Department Of Agriculture
MIMAROPA Region

MR. PILING VILLANUEVA
Punong Balayan
Barangay Harrison, Paluan, Occidental Mindoro

SAPAGKAT, mayroon ng panibagong “area status clearance” na inisyu ang Mines and Geosciences Bureau - MIMAROPA na siyang magpapatunay na “in conflict” ang “approved area” ni G. Raci para sa CSAG;

SAPAGKAT, wala ding kaukulang permiso mula sa PAMB ang nasabing CSAG at malinaw na may paglabag ito sa “DAO 2019-05 section 20 – prohibited acts (p-q) of the Implementing Rules and Regulations under RA 11038 as amended”;


KUNG KAYA'T DAHIL DITO, pagkaraang mapag-usapan ang detalye sa isyu ng Commercial Sand and Gravel ni G. Edwin Raci na matatagpuan Gayamat River at napatunayan na may paglabag ito sa kanyang “permit”, sa pamamagitan ng deliberasyon at sa mosyon ni PAMB Member Domingo A. Tamayo, na pinangalawahan ni PAMB Member Bariso Cubil, PINAGTIBAY, AT SA NGAYON NGA’Y PINAGTITIBAY, ng Mt. Calavite Wildlife Sanctuary Protected Area Management Board, ang kapasiyahang nagpapahayag na maipa-kansela ang Environmental Compliance Certificate (ECC-OL-R4B-2018-0125) para sa Commercial Sand and Gravel na iginawad kay G. Edwin Raci at maipa-tigil ang operasyon nito sa loob ng Mt. Calavite Wildlife Sanctuary (MCWS)

PINAGTIBAY, ngayong ika-10 ng Mayo taong 2023 na ginanap sa MCWS Ranger Station, Sitio Ulasan, Brgy. Harrison, Paluan, Occidental Mindoro.

Inihanda ni:


JOSIE R. CORPUZ
ECOMS I/Technical Support Staff
PAMB Secretariat, Member

Pinatotohanang pinagtibay:


MENARDO T. TORIANA
Punong Tagapangulo
PAMB Member

Sinuri at pinatutunayang wasto:


ARLENE V. FRANCISCO
Protected Area Superintendent
Head, PAMB Secretariat

Pinatotohanan:


LORMELYN E. CLAUDIO, CESO IV
Ang Punong-Konseho ng PAMB
Regional Executive Director
DENR-MIMAROPA Region